AGORA NEWS

ORY & APPRAISAL
VABLE ASSETS
0026004

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 1 No. 2 Monthly Newsletter July 1998

MAYOR ISMAEL A. MATHAY, JR. SWORN TO OFFICE, VOWS GENUINE SERVICE



Quezon City Mayor Ismael Mathay takes his oath of office before President-elect Joseph Estrada in Greenmeadows, Quezon City Friday, June 26, in time for his birthday. At right is Councilor Ramon "Bu" Mathay.

Quezon City Centennial Mayor Ismael A. Mathay, Jr. formally took his oath of office before President-elect Joseph Estrada at the Christ the King Church in Greenmeadows, Quezon City, last June 26, in time for the mayor's 66th birthday.

Now in his third term, Mayor Mathay emphasized that this fresh mandate given by the Quezon City community *"is a new challenge and the beginning of hard work to achieve an even greater mission to attain administration's goals in pursuit of* ***genuine*** *service to the city and its people."*

Mathay vows to *"bring the city to the 21st century with greater vigor and determination".*

He called on all Quezon City residents, regardless of party affiliations, to support his administration, particularly in view of the World Expo 2002 -- an international gathering of some 80 countries a showcase of their history, culture, and eco-destinations -- which will be held in Quezon City Memorial Circle.

Significantly the Philippines is the first Asian country given the privilege and honor to host this big event.

On the same ocassion, President-elect Joseph Estrada appealed to the people for sacrifice to help our nation overcome the difficult times ahead.

"Even if Mayor Mathay and I come from opposing political parties, (it won't be long) before we'll be together again, because as government servants, we can do more in helping our people move forward and rise above our economic difficulties," Erap stressed.

SULONG GALAS!

by Arni Maniego

Simula pa noon ay problema na ang patubig, kalat-kalat na mga tindahan sa kalsada, iba't-ibang sukat ng mga puwestong maliwanag na paglabag sa mga regulasyon, at nangangamoy at nilalangaw na basura sa Galas Public Market

Subalit noong July 2, 1998, ang palengkeng ito ay naglunsad ng malaking pagbabago-- linis, ayos, disiplina, at kooperasyon.

Sa araw na ito ginanap ang pagpapasinaya sa proyektong patubig, pagbabasbas sa mga bagong ayos na puwesto, at paglalagda ng Memorandum of Understanding ng Punong Lungsod at mga pangulo ng QC vendors' coops.



Sinusubukan ni Mayor Ismael A. Mathay, Jr. ang P1M proyektong patubig sa Brgy. Galas na may kapasidad na 5,000 galon bawat araw. Sa kaniyang kanan ay ang City Administrator Dr. Manuel S. Alba.

Ito ay dinaluhan nila Mayor Mel Mathay, Vice Mayor Connie Angeles, City Administrator Dr. Manuel Alba, Councilor Bong Suntay, Councilor Ramon "Bu" Mathay, at Market Administrator Teddy Rey, kasama si Brgy. San Isidro Captain Leon Gonzales, Galas Market Vendors' Coop President Betty Sanchez, Parish Priest Rev.

(sundan sa pahina 2)

EDITORYAL

ENVISIONING THE GOLDEN YEARS OF QUEZON CITY



Sa mga nakaraang talumpati ng ating mahal na Punong Lungsod Ismael A. Mathay, Jr., ay madalas nating madinig ang mga katagang ***"the golden years of Quezon City."*** Ito ang legacy na nais niyang iwan sa ating lahat sa kanyang ikatlong termino -- ang maitaguyod ang Quezon City bilang susunod na **business center.**

Kasama sa mga planong ito ang iba't-ibang development programs para sa paghahanda sa darating na international event, ang **World Expo 2002**, kung saan ang Quezon City ang magiging venue nito.

Inaasahang ito ay magdadala ng maraming hanapbuhay at kalakalan. Ito na marahil ang dekada para sa Quezon City.

Lubhang napakahalaga ng huling terminong ito ni Mayor Mathay sapagkat hindi lamang siya ang naging Centennial Mayor kundi siya rin ang ating mayor sa pagpasok ng bago at ikatlong milenyo. Siya ang maglalatag ng mga pundasyon tungo sa isang successful hosting ng pamosong World Expo, na kung saan, inaasahang 1.5 milyon na mga bisita ang darating sa **Quezon Memorial Circle** simula Enero hanggang Abril 2002.

Kaming lahat na kawani ng City Hall ay lubos na sumusuporta at magiging katuwang ng ating mahal na Punong Lungsod sa kanyang mga mithiin.

Mabuhay si Mayor Mathay! Mabuhay ang Lungsod Quezon! □

PAGTUTULUNGAN NG MGA TAGA-FRISCO PARA SA KALINISAN

nila Eduardo Bainto at Gloria Morales

Isang malawakang paglilinis sa Pamilihang Bayan ng Frisco ang ginanap noong Hunyo 1-2, 1998 sa pakiki-pagtulungan ng Task Force SMILE, Market Division at ng pamunuan ng Kooperatiba ng nasabing pamilihan.

Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng paglilinis ng mga baradong kanal, pag-aalis ng mga *illegal extension* ng puwesto, pag-iinspekyon ng mga linya ng kuryente, pagbobomba *(flushing)* ng *flooring* at pag-aalis ng mga *campaign posters.*

Ipinahahatid ng mga tindera ang kanilang labis na pagpapasalamat kay G. Teodoro C. Rey, Jr. sa kanyang masidhing pagnanasa na mapaunlad at maging isang huwaran ang mga pampublikong pamilihan sa Lungsod Quezon.□

Trivia:

BAKIT AGORA?

Ang katagang Agora ay isang salitang Griyego na nangangahulugang ***"palengke."*** Samakatuwid, ang Agora News, sa ating wika, ay balita o pangayayari sa palengke.

Ang isa pang dahilan nito ay ang pagnanais ng ating Market Administration Division na mapanumbalik ang dating katanyagan at kahalagahan ng mga palengke.

Noong unang panahon, ang palengke ay di lamang sentro ng komersyo. Ito'y tagpuan ng mga maraming tao upang magkasama-sama at pag-usapan ang mga mahahalaga at napapanahong mga paksa. □

MARKET COLLECTIONS

MARKET:	MAY	JUNE
Frisco	P58,188.84	P60,769.14
Galas	161,083.30	168,842.27
Kamuning	205,299.60	201,763.45
Murphy	108,066.76	104,308.07
Project 2	13,980.58	13,467.20
Project 4	49,296.00	51,944.50
Roxas	22,872.30	28,066.00
San Jose	12,218.50	10,702.00
TOTAL	631,005.88	639,862.63

The total Market Collection for the month of June (P639, 862.63) went up by P8,856.75 compared to May's P631,005.88, a **1.4% increase** in collection.

MODERNONG PALIKURAN SA PAMILIHANG BAYAN NG MURPHY

nila Marcelo Gonzales at Jose Guevara

Sa mga nagdaang panahon, wa ang pamilihang bayan ng Mur ang siyang laging napag-iiwanan mga proyekto at hindi nabibigyan pansin ng ating gobyerno.

Ilan lamang sa mga problema ay ang kakulangan sa pasilidad, tu ng palikuran, mga tubong daluyan *supply* ng tubig.

Ngayon, sa pamamalakad ni Teodoro C. Rey, Jr. bilang bag tagapangasiwa ng mga pamilih bayan ng Lungsod Quezon, ang is modernong palikuran dito sa palen ng Murphy ang naisagawa.

Ang proyektong ito naisakatuparan sa tulong ng a mahal na Alkalde Ismael A. Mat Jr.□

****

(Sulong! Galas – mula pahina 1)

Fr. Romerico Prieto at ang kinatawan ng mga Market Coops.

LINIS. Sa pamamagitan ng proyektong patubig na ito, ang bag *submersible pump* na may kapas na 5,000 galon bawat araw, ay tu na nagpaginhawa sa kalinisan ng pwesto at ng may 4,000 pamilya Brgy. Galas.

AYOS. Dahil sa *standardizatio* mga puwesto sa Liberation St., na maaliwalas at kahali-halina palengke. Naipatupad din nararapat na sukat ng mga puwe Ang pamimili ngayon ay mas mada kumbinyente.

DISIPLINA. Mga stickers na "T Ko, Linis Ko!" ay bu pagmamalaking nakapaskil sa puwestong kulay luntian. Tama naman! Ang maruming puwesto nakakadismaya sa mga mam Dala nito ay sakit, mabahong amo pagbabara sa mga kanal makakaapekto sa kalusugan ng mamimili at mga taga-palengke.

KOOPERASYON. Ang paglag Mayor Mathay at ng pitong pangu kinatawan ng mga QC M Cooperatives ay hudyat pagtutulungan ng pamahalaan at mamamayan tungo sa pagsulon kaunlaran.

Ipagpatuloy ang pagsul Ito'y simula pa lamang...□

Roxas Market Vendors:

Kabalikat ng Lungsod Quezon sa Pagsasaayos ng Pamilihan

ni G. Elmer Ferran

Ang mga manininda ng Pamilihang Bayan ng Roxas ay kabalikat sa pagsasaayos ng pamilihan sa pamamagitan ng iba't-ibang mga proyekto sa pangunguna ng presidente ng samahang asosasyon na si G. Jose Velarde.



"TULONG KAMI!" Ang mga taga-Roxas Public Market sa kanilang uniporme bilang kabalikat sa pagsasaayos ng pamilihan.

Ang ilan sa mga proyektong isinasagawa dito ay ang pagpipintura ng mga puwesto, pagkakaroon ng uniporme (kulay pulang apron), pagtulong sa pagsasaayos ng mga drainage at pagkukumpuni ng mga sirang bubong.

Ayon kay G. Velarde, handa ang mga maninindang makipagtulungan sa pamahalaan sa ikaaayos ng samahang pamilihan.



Bukod madali ang pagpipintura. Ngunit kung ito ay propaganda at ikaaayos ng palengke, tayo'y sumama na!!!

GUIDELINES / STEPS FOR THE AWARDING OF MARKET STALLS

By: Noel Soliven

1. Posting of Notice of Vacant Stalls for ten (10) consecutive days in the Market and City Hall
2. Submission of Application Lease of Stall and other requirements to the Market Administration Division
3. Investigation and Verification of the submitted applications by the Market Administrator
4. Issuance of Notice of Awarding to the qualified applicants
5. Approval / Disapproval of application /s by the Market Committee. (Applicants are interviewed by member / s and / or raffle is conducted in case there are more than one applications
6. Orientation of the awardees anent the Market Rules and Regulations to be conducted by the Market Administrator
7. Preparation of the Lease of Contracts by the Market Administration Division
8. Signing and Issuance of Contracts of Stalls to the Awardees
9. Awardees shall secure Mayor's Permit, Health Certificate, Sanitary Permit

REQUIREMENTS:

1. P10.00 application fee
2. Application Form duly accomplished and notarized
3. Voter's ID or Barangay Certificate
4. 2 ID Pictures
5. Community Tax Certificate

INITIAL PREPARATIONS FOR THE BETTERMENT OF THE MARKETS

by the Market Inspection Team

The Market Inspection Team together with the Building Construction and Maintenance Division Personnel and Architectural Division Personnel of the Engineering Department conducted evaluation, preparation of plans and working drawings for the groundwork of cost estimates and for the repair and rehabilitation of eight (8) various public markets.

Results / findings of these initial steps will serve as bases in ensuring the upkeep and sanitary conditions of the market.

PROFILE OF EXCELLENCE



ROBERTO M. MENDOZA

Siya ang tagapagsalita sa mga seminars sa iba't-ibang palengke tungkol sa **Market Code** na ngayon ay mahigpit nang ipinapatupad para sa ikaaayos at ikauunlad ng Lungsod Quezon.

Si Atty. Roberto M. Mendoza, tubong-Batangas, ang Legal Consultant ng Task Force SMILE, ng National Historical Institute at ng Presidential Commission on Good Government.

Taong 1975 ng siya ay naging delegado ng bansa sa ASEAN Publishers Conference na ginanap sa Jakarta, Indonesia. Naging Chairman din siya ng komite sa pagkatha ng Joint Declaration ng ASEAN Publishers Associations ng sumunod na taon. Naging delegado din siya sa Asia-Pacific Publishers Conference na ginanap sa Taipei, Taiwan, taong 1978.

Si Atty. Mendoza ay naging Executive Director ng Print Media Organization at ng Publishers Association of the Philippines, Inc.; Personnel Director ng Menzi Group of Companies; at Legal Officer ng Manila Bulletin, Tempo at Panorama.

Nagtapos siya bilang Magna Cum Laude sa College of Liberal Arts sa De Le Salle University, Manila; at nagkamit naman ng Second Honors Medal sa pag-aaral ng batas sa Ateneo de Manila University.

Dala na rin marahil ng pagnanais sa tuluyang pagpapayaman ng kaalaman, si Atty. Mendoza ay muli pang nag-aral at nagtapos ng Master of Business Administration Major in Marketing sa Colegio de San Juan de Letran.

(SALIENT POINTS OF THE... from page 6)

Any violation of the Market Code shall be penalized with a fine of not more than P1,000.00 or imprisonment of not more than six (6) months or both at the discretion of the Court.

JULY 18, HALALAN SA SAN JOSE

by Regino Gaudiel

Gaganapin ang halalan ng bagong opisyales ng San Jose Vendors' Association sa Hulyo 18, 1998 sa ganap na alas-dos hanggang alas-singko ng hapon. Ito ay bukas sa publiko.

Sa inisyal na pagpupulong na ginanap noong Hulyo 5, nangako ang pamunuan ng San Jose Vendors' Association kay Market Supervisor Regino C. Gaudiel na kanilang susuportahan ang mga programa ni Mayor Ismael A. Mathay, Jr. at Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. na tulad ng **Kalinisan, Kaayusan**; paglalagay ng *price tag*; at iba pa.

Higit sa lahat, ipinangako din nila ang pagsunod sa mga aliituntunin ng Market Code.

Nagpapasalamat din sila kay Mr. Teodoro C. Rey, Jr. sa pagkakaloob ng libreng patubig tuwing araw ng Biyernes. Lubos din ang kanilang suporta sa Cleanliness Drive ng Market Division.

How to Cope with Garbage: *BASIC INFORMATION*

by Armando V. Limos
(second of two parts)

CLASSIFICATION OF GARBAGE:

Biodegradable – consist of garbage or refuse that will rot *(nabubulok)* and can be composted and converted into organic fertilizer or soil conditioner. They are otherwise called *"compostables."* (ex. fish / meat entrails, wood, papers, cartons, left-over food, fruit peelings, dry leaves, human and animal manure, bones, etc.)

Non-biodegradable – consist of garbage or waste materials that will rot and can be converted into recycled materials or factory returnable. (ex. bottles, plastics, styropor, aluminum foil, metals, cans, tin sheets, batteries, synthetic fiber, electric wires, plastic bags, etc.)



TIPS TO REMEMBER:

1. **Practice Recycling** – Don't throw grocery bags away. Use and re-use them. Remember that plastic is non-biodegradable and thus, can only add up to the garbage problem.
2. **Segregate / Separate garbage at home** – Separate biodegradables from non-biodegradables. Have your own composting plant at home.
3. **Opt for environment-friendly packaging** – If you are used to wrapping food in plastic sandwich bags, switch to biodegradable wax paper or pack them in washable plastic containers. When buying shoes, leave the carton box. It will only add up to your garbage. Remember that cartons are derived from pulp trees from our denuded forests. (Manufacturer can re-use the box instead of producing another one.)
4. **Help in the Information Campaign on EWM** – Teach your household members, relatives, friends or neighbors the concept and methodology of ecological waste management (EWM) and to convince and encourage them to practice and pass the technology to others. (Chain reaction of information.)
5. **Be environment conscious** – Don't be shy to pick up litters and pitch it in the nearest trash can. "A litter or garbage picked-up a day drives the flood away."
6. **Pray and wish** – That mother nature will still be kind to us inspite of the abuses man has done to her. That she may spare us from the wrath of natural disasters and calamities brought about by man's wanton disregard to the ecological balance and natural habitat.

QUEZON CITY PUBLIC MARKET VENDORS' INFO – AIDE

(mula sa nakaraang isyu)

8. Bawal magsugal, uminom o magtinda ng alak o magluto sa puwesto.
9. Ang may puwesto ang personal na mangangasiwa ng tindahan. Hindi dapat ilipat ang puwesto o tindahan sa ibang tao at ang katulong sa puwesto ay dapat na nakarehistro sa tanggapan na tagapangasiwa ng palengke.
10. Ang buwanang upa sa puwesto ay dapat bayaran sa loob ng unang dalawampung araw ng bawat buwan.
11. Mahigpit na pinagbabawal ang paggamit ng tubig sa ibang pangangailangan tulad ng paglalaba.
12. Ilagay ang mga basura sa isang angkop na lalagyan tulad ng plastik bago ilagay sa itinakdang tapunan o basurahan.
13. Ang anumang puwestong sarado o di pinagtitindahan ng tatlumpung (30) araw ay ipalalagay na pinabayaan (abandoned) ng manininda at ipagwawalang bisa ang gawad.
14. Ang mga paninda at dapat ayon sa hanay o seksyon.

Ang paglabag sa anumang patakaran sa pamilihang bayan ay mangangahulugan ng pagwawalang-bisa ng karapatan sa pag-upa sa puwesto.

Strategy ng Kamuning, Martial Arts *LABAN SA DROGA*

Sa kasalukuyan, isa sa mga problema sa *peace and order* ng ating bayan ay ang problema sa droga. Dahil bukas para sa lahat o pampubliko ang ating mga palengke, hindi maiiwasang maglipana ang kasamaang dulot nito.

Isang paraan para maiiwas ang mga taga-palengke sa nakalulunos na epekto ng droga ay ang pagka-

(sundan sa pahina 5)

FIRE PREVENTION SEMINAR IN PROJECT 4

by Armando Limos

The Fire Prevention Seminar conducted by the Quezon City Bureau of Fire Protection Personnel, headed by Lt. Lino Ramos, was successfully completed last July 02 in Project 4 Public Market.

The seminar was attended by the recently organized Sanitation, Security and Fire Brigade Volunteers and other stallholders in said market, including some Market Personnel.

The seminar tackled actual approach and techniques on proper fire prevention though instructions on: fire deterrence and preparedness, organizational chart of local fire brigade, stages of fire, classes of fire and its extinguishment, common sources of fire, as well as handling and usage of fire extinguishers.

The well-attended seminar was very fruitful to the delight of the participants and Bureau of Fire Prevetion Personnel especially in the actual dry run on fire extinguishment and evacuation of fire victims and properties. □

MAINTENANCE ACCOMPLISHMENT REPORT (GENERAL CLEANING OPERATION II)

by Quirino R. de Gana

June 18-19 (Kamuning Public Mrkt.)
- Flushing operation at fish section
- Replacement of canal cover at fish and *sari-sari* sections
- Scrubbing of muddy flooring at fish and meat sections
- Inspection of electrical lines at all sections

June 22-24 (Galas Public Market)
- Clearing of passageways, eviction of illegal and abandoned stalls
- Inspection / disconnection of illegal electrical installations
- Flushing operation at fish and meat sections with the Bureau of Fire Protection
- Clearing / Declogging of drainage section

June 25-26 (Murphy Public Market)
- Flushing operation at fish and *carinderia* sections
- Inspection of electrical lines and meters
- Eviction of illegal and closed stalls
- General cleaning operation

June 29 (Project 4 Market)
- Flushing operation at fish and meat sections
- Removal of possible fire hazards and garbage on stall roofings
- Declogging / clearing of drainage system
- Inspection of electrical lines and fixtures

July 1-2 (Frisco Public Market)
- Declogging of drainage system
- Inspection / disconnection of illegal electrical lines
- Flushing operation at fish and meat sections
- Removal of possible fire hazards on stall roofings

July 3 (Roxas Public Market)
- Inspection of electrical facilities and installation of additional lighting fixtures
- General Cleaning Operation
- Repair of gutters and downspouts

July 6 (Project 2 Public Market)
- General Cleaning Operation
- Repair of gutters and downspouts
- Inspection of electrical lines and repair □

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

*(**STRATEGY NG**... mula sa pahina 4)*
karoon ng kaalaman tungkol sa tinatawag na ***martial arts.***

Ang ***martial arts*** ay isang positibong pamamaraan ng pagtuturo ng disiplina at *moral values* sa kahit sino man. Ang salitang "martial" ay nangangahulugang pakikipaglaban, samantalang ang "art" ay kagalingan o kaalaman. Ang kaalaman sa pakikipaglaban sa tamang disiplina bilang isang pilosopiya ang layon nito.

Mga kabataang nasa palengke ang ninanais na matuto nito. Sa pamamagitan nito, ang disiplina at mabuting pag-uugali ay maipababatid at maisasabuhay sa masaya at nakalilibang na paraan.

Ang pagtuturo ay ginagawa ni G. Jose Chua at ang mga miyembro ng kanyang Special Task Force ng Market Security Unit ng Lungsod Quezon.

Ito ay isang proyekto ng Acting Market Administrator na si G. Teodoro C. Rey, Jr. bilang pagsuporta sa Anti-Drug Addiction Campaign at Sports and Physical Fitness Development Program ng ating pamahalaan.

Sinimulan ang pagsasanay na ito sa Kamuning Market, na sinalihan ng mga tindero't tindera, maging ang kani-kanilang mga anak. Ang mainit nilang pagtanggap ay lubos na ikinasiya naman ng kanilang Market Master sa pagkakaroon ng maayos na paglilibangan sa kanyang sinasakupan. □

SALIENT POINTS OF THE MARKET CODE

(Metro Manila Ordinance No. 2, s. 1995)

Lessees shall Personally Administer His/Her Stall. - Any person, who has been awarded the right to lease a market stall in accordance with the provision of this Code, shall occupy, administer and be present personally at his/her stall or stalls, booth or booths. Helper/s to be employed by the stallholder may include his/her spouse, parents and children. They shall be registered with the City Market Administrator/ Municipal Market Supervisor conformably with the letter form (with photos.)

Peddling and Hawking- To avoid unjust competition, peddlers or hawkers shall not be permitted to offer for sale, in the city/municipal markets and their surroundings within a radius of 200 meters where goods are sold or exposed for sale in the stalls or booths of said markets. Neither shall they be permitted to expose or sell merchandise on the sidewalks, (patios) or places designed and / or intended for the passage of the public to the city/municipal. **Market officials and personnel courts and policemen detailed in the vicinity of the city/municipal markets shall exercise strict vigilance on this matter and enjoin strict compliance with these provisions.** (continued on page 6)

MEMORANDUM OF UNDERSTANDING

THE QUEZON CITY GOVERNMENT, local government unit (LGU) created pursuant to law with address at Elliptical Road, Diliman, Quezon City, represented herein by its City Mayor, the **HON. ISMAEL A. MATHAY, JR.**, herein referred to as the **CITY GOVERNMENT.**

WITNESSETH, That:

WHEREAS, Section 36 of R.A. 7160, otherwise known as the "Local Government Code" provides that local government units (LGU's) may enter into joint ventures and such other cooperative arrangements with the private sector, particularly, people's organizations, non-government organizations (NGO's) and the like to facilitate the delivery of basic services to the community, engage in capability building and livelihood projects, and in general enhance the economic and social well-being of the people;

WHEREAS, the **CITY GOVERNMENT** is desirous of establishing an innovative system involving the joint efforts of both the government and private sectors for a more effective and efficient delivery of basic services in the seven (7) city-owned and operated public markets;

WHEREAS, the **MARKET COOPERATIVES** are willing and able to assume the duties and responsibilities required to achieve the above goals and objectives;

NOW, THEREFORE, for and in consideration of the foregoing premises and the mutual covenants herein stipulated, the parties have hereunto agreed on the following stipulations:

I. RESPONSIBILITIES OF THE CITY GOVERNMENT

1. The **CITY GOVERNMENT** shall jointly undertake with the **MARKET COOPERATIVES** the management of the seven (7) publicly-owned and operated markets in Quezon City;

2. To effectively carry out this joint undertaking, the **CITY GOVERNMENT** shall create a city-level market management committee composed of the various offices and departments involved in the market administration and market-related services and one (1) representative from the **MARKET COOPERATIVES**;

3. The **CITY GOVERNMENT** shall deputize one representative from each of the seven (7) **MARKET COOPERATIVES** to act as and perform the functions of Assistant Market Supervisor;

4. The **CITY GOVERNMENT** shall ensure that the provisions of the Market Code, the Sanitation Code and related laws, ordinances, policies and rules and regulations affecting markets are strictly complied with.

II. RESPONSIBILITIES OF THE MARKET COOPERATIVES

1. The **MARKET COOPERATIVES** shall participate actively in the proper management of public markets within their jurisdiction;

2. The **MARKET COOPERATIVES** shall designate one (1) representative to represent their interests and concerns in the City-Level Management Committee;

3. The **MARKET COOPERATIVES** shall recommend to the **CITY GOVERNMENT** the representatives they have chosen to be deputized as Assistant Market Supervisors in the seven (7) city-owned and operated public markets;

4. The **MARKET COOPERATIVES** shall assist the **CITY GOVERNMENT** in monitoring the performance of City Market supervisors and personnel;

5. The **MARKET COOPERATIVES** shall ensure that only valid awardees shall operate their respective market stalls and, for this purpose, they shall issue the necessary identification (I.D.) Cards;

6. The **MARKET COOPERATIVES** shall undertake to maintain orderliness, cleanliness, health and sanitation inside the market stalls and the market premises;

7. The **MARKET COOPERATIVES** shall assist the **CITY GOVERNMENT** in maintaining peace and order and security in the public markets within their jurisdiction.

III. JOINT RESPONSIBILITY OF THE CITY GOVERNMENT AND THE MARKET COOPERATIVES

The **CITY GOVERNMENT** and the **MARKET COOPERATIVES** shall ensure that the provisions of the Market Code, Sanitation Code and related laws, ordinances, policies and rules and regulations affecting public markets are strictly complied with.

IV.EFFECTIVITY. This Agreement shall take effect upon signing by the parties (this 2nd day of July, 1998 in Quezon City.) □

(SALIENT POINTS OF THE ... from page 5)

Cleaning of Market Premises. - The Market Administrator / Supervisor / Master shall see to it that the market is always clean and in an excellent sanitary condition, including the aisles, division, stalls, floors, walls and equipment as well as the whole tract of land belonging to the market. The cleaning of the market premises should be done **before the buyers start coming in to the market.** The market building and grounds should at all times be kept free from garbage and rubbish.

Garbage Receptacles. Individual stall-holders shall provide themselves with their own receptacles in order to avoid littering in their premises. No stallholder/s or other person/s shall place refuse on the floor, stall/s or any place other than the garbage receptacles.

Cleaning of Stalls/Booths / Spaces at End of Business Day. - At the close of each day's business and before leaving, stallholders and transient vendors shall clean their stalls/s / booth/s / space/s. They shall also remove all dirty materials and place rubbish and garbage in containers placed for the purpose in the market. (continued on page 3)

AGORA NEWS

Agora News is published monthly by the Marke Administration Division of Quezon City. It i available free of charge. Please send in your artic contributions to the Editorial Staff at the addres below.

Dr. Manuel S. Alba
Chairman, Editorial Board

Teodoro C. Rey, Jr.
Editor-In-Chief

Leslie T. Villorente
Managing Editor

Arni Marie A. Maniego
Writer/ Lay-out Artist

Manny dela Cruz / Cristy Mijares
Encoder

Ernie Patawaran
Artist

Mailing Address :
Editor-In-Chief, Agora*News*
Market Administration Division
12th Floor, Quezon City Hall, Q.C.
Tel. 922-90-73

Printed by: **JEM Concepts**

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 1 No. 3 | Monthly Newsletter | August 1998



Quezon City Mayor Ismael A. Mathay, Jr. makes rounds at the Bagsakan Center in Barangay San Agustin, Novaliches. He encouraged the establishment of *bagsakan* centers in the city to ensure continued food supply at cheaper prices for the city constituents, especially in depressed areas. With him are Councilors Ma. Fresca Biglang–awa and Almario Francisco.

MARKET MANAGEMENT COMMITTEE ORGANIZATIONAL MEETING HELD

The Executive Order No. 7 creating the Quezon City Market Management Committee was enacted July 2 this year for the proper functioning and improvement of the public markets.

The Committee will be responsible in coordinating and monitoring the performance of government units involved in the maintenance of the viability of the markets.

Last July 3, this Committee held its organizational meeting presided by City Administrator Dr. Manuel S. Alba.

The Committee identified the problems faced by the markets, i.e. physical, sanitary, and maintenance difficulties, as well as suggestions on how to solve them, with the end of working out and establishing an efficient market management information system through regular planning and coordination.

The Committee consists of the City Administrator's Office, Market Administration Division, City Health Department, Department of Public Order and Safety, Task Force Clean and Green, Business Permits and Licensing Office, Task Force Bayanihan, City Treasury Department, City Fire Department, City Engineer's Office, City Legal Office, Central Police District Command and Public Market Vendors' Cooperatives.

MATHAY ORDERS FAST TRACK IMPROVEMENT OF PUBLIC MARKETS

Quezon City Mayor Ismael A. Mathay, Jr. ordered Acting Market Administrator Mr. Teodoro C. Rey, Jr. to facilitate fast track repairs and other market improvement plans in the City's eight (8) public markets, particularly Murphy and Kamuning.

All improvements, he said, must be finished before his term ends.

Mayor Mathay has further instructed Mr. Rey to intensify interaction with market vendors to strengthen cooperation in maintaining the efficient functioning of the city's markets.

MAAYOS NA PAMILIHAN, KAAYA-AYANG BILIHAN

Ni Bob Ferrer



Ito na nga ba ang kusang pagtanggap sa hamon ng pagbabago ng mga palengke tungo sa ika-21 siglo? Ang inisyatibong ipinamamalas ng mga taga-Kamuning Public Market sa pagpapaayos ng kanilang pamilihan ay tunay na kahanga-hanga. Saludo kami sa inyo!

Kasalukuyang ginagawa ang mga puwesto ng ilang bahagi ng pamilihang bayan ng Kamuning at Galas bilang bahagi ng programa ng Market Administration Division.

(sundan sa pahina 2)

EDITORYAL

ANG PANGULONG QUEZON AT ANG WIKANG FILIPINO



Sa tuwing dumarating ang **ika-19 ng Agosto**, ating ginugunita ang kaarawan ng dating yumaong Pangulo, **Manuel Luis Quezon**, ang kinikilalang **Ama ng Wika**. Ito ang dahilan kung kaya ating ipinagdiriwang ang **Linggo ng Wika** sa buwan ng Agosto.

Isa sa kontrobersyal na programa ng Pangulong Estrada ay ang pagpapatupad sa paggamit ng ating sariling wika. Ito ay kaakibat sa mga itinuro ng ating mga bayani na mahalin natin ang wikang Filipino. Ang gandang ibubunga nito, gaya ng pagbuwag ng kaisipang "kanya-kanya," ay isang hudyat ng katapusan sa labis na rehiyonalismo ng bawat isa.

Ang mga bansang nasa Asya ay may sariling wika na kanilang ipinagmamalaki. Tignan ang progresong kanilang narating! **Hindi kaya nararapat lang na matutunan natin ang ganitong paniniwala at pagtangkilik sa sariling atin?**

Ang wikang banyagang nakasanayan, tulad ng salitang Ingles, ay hindi naman dapat alisin, sapagkat ito ay isang *international language*. Kailangan ito sa pagpapayaman ng ating kaalaman. Ngunit kung ang pag-iingles ay upang magpasikat lamang, ito ay pagpapakita ng **kolonyalistang kaisipan** – repleksyon na ikinahihiya ang uring kinabibilangan. ***At kung ito ang kaisipan ng bawat isa, paano pa ang tingin ng taga-ibang bansa sa atin?***

Kung susuriin, ang ating wika ay napakaganda, malalim, makata at mapagpahayag ng tunay na saloobin. Napakasarap sa pandinig! Sabi nga ng matatanda, ang wika natin ay may kakaibang lambing…Hindi man malimit gamitin, nararapat na pagsikapan nating lahat ang paggamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw na buhay. Tama lamang na ipatupad ito ng ating mga pinuno at ng mga mamamahayag sa dyaryo, telebisyon at radyo, maging sa mga palimbagan tulad ng mga libro at diksyonaryong Tagalog.

Mahalaga para sa isang bansang tulad natin ang magkaroon ng isang natatanging wika upang maging isang progresibong bansa.

Wika nga ni Gat Jose Rizal, "**ang di marunong magmahal sa sariling wika, ay masahol pa ang amoy sa malansang isda**."

FLOOR PLAN PARA SA PROJECT 2 MARKET

Ni: Roger Gregas

Ang maayos na palengke ay tunay na kawili-wiling puntahan. Ito ay waring nanghihimok, nag-aanyaya... Ang publiko ay hindi magdadalawang-isip na dito ay pumasok at mamili.

Ngunit, mapapansin na karamihan ng puwesto sa *Project 2 Public Market*, gaya ng *Vegetable* at *Carinderia Section* nito ay wala na sa kanilang tamang lugar. Ang numero ng bawat puwesto maging sa *Meat* at *Dry Goods Section* ay wala na rin sa tamang pagkakasunod-sunod.

Upang maisaayos ito, isang *Floor Plan* na may layong isaayos ang nasabing mga puwesto ay kasalukuyang pinag-uusapan at sinusuri ng Market Administration Division. Layunin nito ang ikagaganda ng palengke at kaginhawahan ng mga manininda at mamimili.

BAGONG PALIKURAN SA MURPHY MARKET

Ng Murphy Market Staff at Cooperative



SIMULA PA LANG ITO. Ang pagpapasinaya ng bagong palikuran ng Murphy Public Market ay hudyat ng pagsasaayos ng ating mga palengke, sa buong pusong pakikipagtulungan ng Murphy Development Cooperative (MURDECO).

Ang pampublikong palikuran sa Pamilihang Bayan ng Murphy ay pinasinayaan noong ika-5 ng Agosto sa pangunguna ng mga opisyales at miyembro ng Murphy Development Cooperative o MURDECO.

Ayon kay G. Felix Evangelista, Chairman ng MURDECO, sila ay nagpapasalamat kay Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. sa kanyang isinulong ang pangakong pagpapatayo ng malinis at maayos na palikuran sa Murphy Market.

Ani pa niya, ang buong MURDECO ay handang makipagtulungan sa pamahalaan sa ikaaayos ng kanilang pamilihan.

Ayon naman kay Ginoong Teodoro C. Rey, Jr., ang pagpapatayo ng ito ng palikuran ay umpisa pa lamang ng mga pagagsasaayos ng ating mga palengke.

Ipinabatid din niya na ang proyektong ito ay mula sa ating butihing Mayor Ismael A. Mathay, Jr. na siyang dapat pasalamatan.

(MAAYOS NA PAMILIHAN... mula sa pahina 1)

Ang pagbabagong ito ay ang pagpapare-pareho ng disenyo at sukat ng mga puwesto ayon sa kani-kanilang lokasyon. Kasama dito ang pagpapaluwag ng mga pasilyo para sa kaginhawahan ng mga dumaraan.

Ang pagsasaayos na ito ay pakikipagtulungan ng mga manininda sa pamamagitan ng pagbalikat sa mga gastusin ng kani-kanilang mga puwesto.

Ang ibang mga pamilihang bayan, tulad ng Murphy, San Jose, at iba pa ay may plano nang sumunod sa pagsasaayos ng kani-kanilang pamilihan.

LETTERS TO THE EDITOR

AN OPEN LETTER TO THE MAYOR

"**Privatization**" is an unwelcome word to the vendors of Quezon City public markets for many years now. But Hon. Mayor Ismael Mathay Jr. in his pronouncement of NO PRIVATIZATION, July 1, 1998 (AgoraNews) was a laudable move to everyone concerned.

As a Volunteer Coordinator who is now bedridden with a heart ailment, and has aided in the organization and registration of market cooperatives during the term of Hon. Mayor Adelina Rodriguez, I was glad to learn about this favorable event for the enhancement of the livelihood of the public market vendors.

Now, therefore, there is no more reason for the market vendors not to join hands together with the city government. With the reasonable support of the city government at the forefront, the vendors are assured of success in their endeavors.

We must salute then Honorable Mayor Mathay Jr. in this bold action. We are grateful to him.

Marciano Vergel
Project 2 Market, Quezon City

ISANG PASASALAMAT KAY MAYOR MATHAY

Kami pong mga manininda ng Kamuning Public Market ay taos-pusong nagpapasalamat sa inyo, Mayor Mathay, sa pagkakaroon ng AGORA News sa buong Lungsod Quezon.

Matagal-tagal na rin po ako dito sa Kamuning Public Market ngunit ngayon lang nagkaroon ng ganitong pahayagan na magbibigay ng impormasyon sa mga manininda. Ito po ay nakatutulong sa ugnayan ng mga mamamayan hinggil sa pagpapatakbo sa mga pamilihang bayan sa Lungsod Quezon.

Sana po mapalawak pa ang mga ganitong gawain. Ito ay nagbibigay-daan tungo sa epektibong pagpapangasiwa ng mga kooperatiba sa bawat palengke. Ito at tunay na magagamit sa programa ni Presidente Erap Estrada na ang antas ng kabuhayan ng mga mahihirap ay maiangat tungo sa pag-unlad at pagsulong.

More power, Mayor Mathay! Maraming, maraming salamat po!

Mr. Jesus N. Delima
Chairman
Kamuning Vendors Dev't Cooperative

ARAL MULA SA MARIKINA

Ni: Arni Maniego

Ang pagbisita sa Marikina Public Market ng Market Administration Division kasama ng mga tindera ng *QC public markets* noong Hulyo 27, ay masasabing isang tunay na kapupulutang-aral.



Ang Healthy Market ng Marikina – ating gawing inspirasyon sa pagsasaayon ng ating mga palengke.

Ang Marikina Public Market ang pinarangalan ng Department of Health bilang kauna-unahang "Healthy Market" sa buong Kamaynilaan at sa buong kapuluan.

Ngunit ano ba ang pagkakaiba ng ***Marikina Healthy Market*** sa ***Quezon City Public Market***?

Sa palengkeng-Marikina, makikitang wala ang mga *illegal vendors* sa kalsada. Wala din ang maputik na daanan, malansa at mabahong amoy, mga bubong na butas-butas, mga baradong kanal, mga nagkalat na basura, at mga naglipanang mga insekto at peste. Dito sa atin, nakalulungkot mang sabihin, marami nito...

Doon sa kanila, may timbangang-bayan, *consumers' complaints desk, bulletin boards* na naghahayag ng iba't-ibang proyekto ng palengke, malinis na mga lababo, at malinis na palikuran.

Paano ito naisagawa?

Una, suportado ng mga kaukulang ordinansa ang kanilang Market Code. Bawal sa kanila ang mga *illegal vendors*, maging ang pagtangkilik sa mga ito. Multa at pagkabilanggo ang parusa – sa tindera at mamimili.

Pangalawa, mahigpit ding pinapatupad ang mga batas para sa kalinisan at kaayusan, gaya ng paglalagay ng mga basurahan sa bawat tindahan, paglalabas ng basurang tinipon sa plastik pagdating lamang ng trak ng basura, at ang P200 bawat pirasong muita sa bawat kalat.

Pangatlo, maayos ang pagtutulungan ng mga *government units* sa pagpapatupad ng ***(sundan sa pahina 6)***

Cooperative's Corner:

ANG KOOPERATIBA SA PAMILIHAN NG GALAS

Ang pagsapi sa alinmang kooperatiba ay isang malaking pribilehiyo na dapat samantalahin ng lahat sapagkat ang maging bahagi nito ay magdudulot ng maraming kabutihan sa mga miyembro nito.

Sa pamilihang bayan ng Galas ay may naitatag na isang kooperatiba, ang United Rotary Village Corps Galas Multi-Purpose Cooperative. Ito ay itinatag noon pang 1995 subalit nag-umpisa lamang ng operasyon nitong 1997.

Sa kasalukuyan ay mayroong halos 200 miyembro na pawang mga manininda.

Mahalaga at malaki na rin ang naging bahagi ng kooperatiba sa pagsasaayos ng palengke. Sa pamamagitan ng pagpapahiram o pagpapautang sa mga miyembrong nangangailangan, sa pagpapagawa ng mga puwesto na kanilang pinaaayos alinsunod sa itinakda ng pamahalaan.

Ang pamunuan ng United RVC Galas Multi-Purpose Cooperative ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa pamahalaan para sa marami pang nakahanay na proyekto ng ating Pamahalaang Lungsod para sa patuloy na pagsulong, pag-unlad at pagganda ng ating mga pamilihan.

Ang pamunuan ng kooperatiba ay sila:

- **Betty Sanchez - Chairman**
- **Dominica Santos - Vice Chairman**
- **Leonor dela Cruz - Treasurer**
- **Carlota Shih - Manager**

(FEATURE NEXT ISSUE: FRISCO COOP)

MARKET COLLECTIONS

MARKET	JUNE	JULY
Frisco	P60,769.14	P59,024.36
Galas	168,842.27	165,884.00
Kamuning	201,763.45	202,786.35
Murphy	104,308.07	102,473.53
Project 2	13,467.20	17,189.65
Project 4	51,944.50	53,583.65
Roxas	28,066.00	24,845.00
San Jose	10,702.00	10,748.50
TOTAL	639,862.63	636,535.04

The total Market Collection for the month of July P636,535.04 went down by P3,327.59 compared to June's P639,862.63, a 0.52% decrease in collection. *(source: City Treasurer's Office)*

QUEZON CITY'S FIGHT AGAINST TUBERCULOSIS

August 6, 1998 -- Mayor Ismael A. Mathay, Jr. committed the city government's full support in the fight against tuberculosis.

The Mayor signed the Memorandum of Agreement for the pilot implementation in Quezon City of a special project aimed at rehabilitating TB-infected SSS members.

The pilot project, initiated by the Social Security System and the International Labor Organization, in cooperation with the Department of Health, QC government, and Philippine Tuberculosis Society, Inc., would provide TB patients free drugs daily for a six-month treatment under the program called "*Tutok Gamutan*."



Ang anti-illegal vendors operation kamakailan sa Murphy – isang hakbang na lalo pang pagtitibayin sa mahigpit na pagpapatupad ng Market Code tungo sa ikaaayos ng ating mga palengke.

ANG PALENGKE, AYON SA MAMIMILI

Isang *survey* ang isinagawa noong Mayo 1998 upang malaman ang **pangkahalatang** opinyon ng mga mamimili ukol sa ating mga palengke. May 1,500 tao mula sa pitong pamilihang bayan ng Lungsod Quezon ang nakalap para sa pag-aaral na ito.

Ayon sa survey, 59% ng mga lumahok ang namimili sa ating mga palengke; samantalang 41% naman ang namimili o mas gustong mamili sa mga *supermarkets, convenience stores* at *shopping malls*.

Karamihan sa mga kalahok (75%) ay namimili sa umaga. 23% naman ang namamalengke sa hapon at 2% ***(sundan sa pahina 6)***

BAGONG PAMUNUAN, BAGONG PAG-ASA

Ni: Regino Gaudiel

Nagpahayag ng bagong pag-asa ang mga bagong halal na pamunuan ng San Jose Market Vendors Association sa pangunguna ng kanilang pangulong si ***Virginia Reyes***; pangalawang pangulo na si ***Aurora Salanio***; kalihim na si ***Luz Barba***; ingat-yaman na si ***Julie dela Cruz***; at awditor na si ***Rebecca Sese***.

Ayon sa kanila, ang pamunuan nila'y makikipag-ugnayan sa mga *non-government organizations* upang mapaunlad ang kanilang samahan.

Isa sa mga pangunahing proyekto nila ay ang pagpipintura ng palengke, pagpapantay-pantay ng ekstensyon, at pagkakaroon ng sariling uniporme. Kabilang dito ang pakikipagtulungan sa Market Supervisor tungo sa kalinisan, kapayapaan at kaayusan sa palengke.

Dagdag pa nila, lubos ang kanilang suporta sa programa ng Market Administration Division na pagdaraos ng Market Festival sa ika-12 ng Oktubre.

Para sa kanilang pamilihan, sila ay nananawagan kay Mayor Ismael A. Mathay, Jr. at kay Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. na sana ay mabigyan ng kalutasan ang matagal na nilang sulirànin tungkol sa palikurang-bayan at sa linya ng tubig.

Ang sigaw ng taga-San Jose, **"bagong pamunuan, bagong pag-asa!"**

KARAGDAGANG PAGSASAAYOS SA PAMILIHAN NG GALAS

Ni: Betty Sanchez

Matapos ang matagumpay na pagpapasinaya sa mga puwesto sa gitnang bahagi ng Galas Market noong ika-2 ng Hulyo, ngayon ay may karagdagang pagbabago sa kabilang bahagi ng aming pamilihan. Ito ay ang konstruksyon ng mga puwesto na ayon sa sukat at ayos na itinakda ng pamahalaang Lungsod.

Ang pagpapagawa ay sariling gastos ng mga tindera bilang pagpapatunay sa pakikiisa sa mga proyekto ng pamahalaan na maisaayos ang mga pamilihang Lungsod.

USAPANG MAMAMAYAN

PROTEKSYON NG KONSYUMER: ANO ITO?

Ika - 4 ng Hunyo, taong 1992 ng aprubahan ang *Republic Act 758* (kilala bilang *PRICE ACT of 1991*) sa pagkilala sa pangangailangan ng isang organisasyon na mangangasiwa sa pagpapanatili ng mga presyo ng mga pangunahing pangangailangan at mga bilihin para sa proteksyon ng mga mamimili.

Ang organisasyong ito, ang ***Local Price Coordinating Council (LPCC)***, ang siyang magiging gabay at proteksyon ng mga mamimili laban sa hindi makatarungang pagtaas ng presyo tuwing panahon ng krisis at iba pang sitwasyon.

Layon nito ang paninigurong may sapat na *supply, distribution,* at *marketing* ang mga bilihin sa pakikipagtulungan sa mga ahensya ng gobyerno tulad ng *Departments of Trade and Industry, Agriculture, Health, National Meat and Inspection Commission, National Economic and Development Authority, National Food Authority, Market Administration Division, Chamber of Commerce and Industry,* at iba pa.

PAGPUPULONG NG QC LOCAL PRICE COORDINATING COUNCIL

Isang komprehensibong ***con-sumer protection program*** laban sa mga hindi makatarungang gawain sa pagtitinda ang napagsang-ayunan itatag noong nakaraang ika-8 ng Hulyo ng magpulong ang Quezon City Local Price Coordinating Council (QC LPCC).

Isang *survey* ang nilalayon nilang isagawa upang makalap ang mga importanteng impormasyong tungkol sa mga mamimili ng mga pamilihang bayan ng Lungsod Quezon.

Ayon sa mga representante ng Department of Trade and Industry, sila ay maglulunsad ng isang ***Consumer Welfare Desk*** at ***Consumer-friendly block project*** na naglalayong magturo sa mga mamimili ng kanilang mga karapatan, at magpabatid sa mga *non-government organizations* (NGOs) at *media* hinggil sa mga batas tungkol sa *consumer protection*.

Feature Series

ECOLOGICAL WASTE MANAGEMENT IN MARKETS

by: Armando Limos

OBJECTIVES:

- Sustainable cleanliness, orderliness, enhanced ecological balance, health, beauty, and dignity of the market and the community
- Elimination of garbage cans and / or dumpsites which breed diseases, bad odors, useless burning of garbage which emits harmful gases and heat and proliferation of scavenger communities.
- To generate additional income out of garbage through composting and recycling, thus converting garbage into cash. **("Pera sa Basura")**

MATERIAL REQUIREMENTS:

-Sack hangers with different compartments properly labeled, that will serve as garbage separators.

-Plastic containers or clay pots open on both ends, to be used as "bottomless composters" or used tires with inner reams removed, sewed on ends by nylon rope, to be used as "tower tire composters."

-Garden or ordinary soil, free from rocks and other visible impurities, volume of which will depend on the quantity of the compost to be made.

-Machine is necessary for large-scale or commercial garden tools like shovel, rake, trowel, digging bar, sprinkler and sifter to separate impurities found in the fertilizer produced (if intended for commercial use.)

-Used plastic containers with cover as temporary receptacle for wet garbage, prior to transporting to composting plant.

-PVC pipe, 2-inch diameter, with holes bored on various parts to act as "aerators" to prevent excessive heat. Excessive heat will kill the "beneficial bacteria" and microorganisms naturally present in the soil. These microorganisms are responsible in the decomposition process without the aid of "biological additives." However, in large scale or commercial composting, *compost fungus* activators (CFA) are used to attain rapid decomposition.

-Jute sacks as containers for the harvested compost product.

-OPTIONAL: Shredding machine for cutting bigger-sized compost materials. This is intended to hasten decomposition.

(TO BE CONTINUED NEXT ISSUE)

TINDERANG MALINIS

Ni Tinay "Tin-Tin" Santiago
Cooperative Chairman, Project 4 Public Market

Tinderang malinis,
Kay gandang pagmasdan,
Pag siya'y ngumiti at ang ngipin nasilayan.
Mabibighani ka na siya ay lapitan;
Malinis ang damit pati mga gamit.
Mabango ang amoy na kanais-nais;
Maraming mga suki na nagsisilapit.

Tinderang malinis, magandang huwaran;
Na dapat tularan ng mga kasamahan.
Umaga at hapon siya'y nagwawalis;
Kapaligiran ay nililinis.
Siya'y may walis, at "dust pan" na maliit;
Basurahang plastik, sa latang may takip
Pagdating ng trak ng basurerong masipag;
Doon ilalabas basurang natipon --
Sa buong maghapon.

Kaya manininda kayo'y magbago na;
Hawakan ang walis, kayo ay maglinis.
Tularan ninyo tinderang malinis,
Na ubod ng kinis --
Upang di matulad sa tinderang marungis,
Na kay daming galis.
Tinderang malinis, malayo ang sakit
Lumalayo ang ipis, ngunit swerte'y lumalapit..

MAINTENANCE ACCOMPLISHMENT REPORT

By: Quirino de Gana

- *Replacement of canal cover at Project 4 Public Market;*
- *Clearing and declogging of drainage system in Project 4 Market;*
- *Repair/Replacement of roofing, gutter and downspout at Roxas Public Market;*
- *Inspection / Disconnection of illegal electrical lines at Galas Public Market;*
- *Installation of additional lighting fixtures at Fish and Sari-Sari Section at Kamuning Public Market*
- *Construction and repair of drainage cover at Kamuning Public Market*
- *Clearing and cleaning of passageways at Kamuning Public Market*
- *Inspection of electrical lines and service kwh-meters of stallholders at Frisco Public Market*
- *Replacement of worn-out roofing, gutter and downspout at San Jose Public Market.*

****ERRATUM : Last issue's *GUIDELINES / STEPS FOR THE AWARDING OF MARKET STALLS* – Requirement #1 is P100 application fee not P10.00 ****

PROFILES OF LEADERSHIP



GINANG LIWAYWAY BADLIS

Si **Ginang Liwayway Badlis**, ang "ilaw" ng Pamilihang Bayan ng Kamuning at pangulo ng **Kamuning Vendors' Development Cooperative Inc.**

Ang *bagong* Kamuning Public Market ay tunay na naghahandang buhayin muli ang ganda at katanyagan ng dating mga "AGORA" tungo sa ikauunlad ng mga manininda at ng mga taong pinagsisilbihan nito.

September 1985 ng siya ay nahirang maging Chairman ng Board of Directors ng *Kamuning Market Vendors Retailers Credit Cooperative*. Ngayon naman, sa bagong *Kamuning Vendors' Development Cooperative, Inc.*, si ***Nanay Liway*** ay naninilbihan pa rin ng buong puso at galing bilang pangulo nito.



GINOONG INIGO BASAGRE

Tubong Camarines Sur, si **Ginoong Inigo Basagre**, ang "haligi" ng pamilihang Kamuning. Siya ang presidente ng **Kamuning Vendors' Association** na ngayon ay masugid na nakikipagtulungan sa kooperatiba para mas mapadali ang pagsasaayos ng palengke.

Bilang pagpapatunay sa pagkakaisang ito ay kumuha ang asosasyon at kooperatiba ng mga *cleaners* at mga gwardiya para sa pangangalaga at mas ikaaayos ng pamilihan.

Dahil na rin sa bagong samahang ito, ang pamilihan ng Kamuning ay lalo nang handa na magserbisyo sa mas marami pang mamimiling tiyak na darating.

MARKET FESTIVAL, SA OKTUBRE 12 NA!!!

Noong nakaraang ika-6 ng Agosto, nagpulong ang mga representante ng mga kooperatiba at asosasyon mula sa iba't-ibang mga palengke kasama ang Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. Pinag-usapan dito ang mga paunang ideya at suhestiyon sa pagdaraos ng Market Festival sa ika-12 ng Oktubre.

Napagsang-ayunan ang tatlong malalaking kaganapan, gaya ng ***Miss Agora Contest, Awards of Recognition*** at **Bagsak Presyo.**

Ang ***Miss Agora Contest*** ay ilulunsad sa mismong araw ng Market Festival. Ang paligsahang ito at magpapatuloy hanggang sa Grand Coronation sa Disyembre, na inaasahang magiging malaking kaganapan sa buong Lungsod Quezon. Malalaking papremyo ang maaring mapalanunan ng mapipiling Miss Agora.

Ang bawat palengke, komunidad, o barangay ay iniimbitahang magdaos ng kani-kanilang Miss Agora Contest upang makapili ng mga kandidatang kakatawan sa kanilang karampatang pamilihan. Ang lahat ng pondong makakalap ay mapupunta sa pagpapaayos ng kani-kanyang palengke.

Ang ***Awards of Recognition*** naman ay ang paghirang at pagkilala sa iba't-ibang proyekto, gawain at iba pang kagalingang naipamalas sa ating mga palengke. Iba't-ibang mga kategorya i.e. MOST IMPROVED MARKET, CLEANEST MARKET, at iba pa ang bibigyang parangal.

Ang **Bagsak Presyo**, ang pinakamalaking proyekto sa lahat, ay ang inaasahang pag"bagsak" ng mga presyo ng mga bilihin (una ang mga gulay) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga prodyuser *(direct selling scheme)*.

Sa sistemang ito, ang pagdagdag ng ilan pang porsyento ng mga *"middlemen"* (ang mga tao o tindahang ating pinagkukuhanan ng mga paninda) ay naiiwasan o nalilimita. Higit na mas mababa ang presyo ng mga produktong makukuha ng mga tindera, kung kaya't mas mababa ang presyo ng pagbebenta nila sa mga konsyumer o mamimili ng hindi mababawasan ang kanilang kita.

Ayon kay Mr. Rey, ang Bagsak Presyo ay maaaring pagsimulan ng kakaibang sigla ng ating mga pamilihan.

Pag ito ay naisakatuparan, aniya, ang mga karatig-lungsod natin ay maaring dumayo pa at dito mamili ng kanilang mga pangangailangan, maging ng kanilang mga paninda. Ang pagsasakatuparan nito ay para sa ikauunlad ng bawat manininda.

(ARAL MULA SA ... mula sa pahina 3)

mga ordinansa. Halimbawa'y ang koleksyon ng basura ay ginagawa tatlong beses isang araw. Ang Marikina City Health Office ay nagtuturo tungkol sa *proper food handling* bago mag-isyu ng *permit* o lisensya.

Pang-apat, mabuti ang ugnayan ng mga *market vendors* sa mga taga-Market Division sa pamamagitan ng kanilang Market Supervisor. Kapansin-pansin ang malugod na partisipasyon ng mga tindera sa mga proyekto ng gobyerno, maging sa pagpapatupad ng rentang P1,000+ bawat buwan sa 2 m. x 2 m. sukat ng puwesto.



Ang pare-parehong sukat ng mga puwesto sa Marikina Public Market ay kawili-wiling tignan; ang maluwag na daanan ay nagbibigay-ginhawa sa pamamalengke ng mamimili.

Posible rin ba ang mga ito sa ating mga palengke?

Wika nga ni Marikina Mayor Bayani Fernando "Kung awa ang paiiralin natin sa mga *violators*, habang panahon nilang gagawin 'yan. Ito ay hindi makatutulong sa ating ekonomiya."

"Kung kaya nila, kaya din natin," ani G. Felix Evangelista, Chairman ng Murphy Public Market Development Cooperative, isa sa bumisita sa Marikina.

Dagdag pa ni G. Marcelo Ragudos, Kamuning Market Supervisor, "mahihigitan pa natin ang narating ng Marikina."



Suriin ang ganda ng palengkeng malinis at maayos. Ito ay dinadayo ng mga mamimili mula sa kung saan-saang lugar. Resulta nito ay mas magandang kita para sa ating mga manininda.

(ANG PALENGKE... mula sa pahina 4)

naman, sa gabi. Ang madalas nilang binibili sa palengke ay isda, sumusunod lamang ang mga gulay at karne.

Napag-alaman sa survey na nais mapanatili ng mga mamimili ang mababang presyo at pagiging sariwa ng mga bilihin. Maliban dito, nais din nilang maipatupad ang maayos at magiliw na serbisyo ng mga manininda at ang kalinisan ng buong pamilihan.

Marami ang naniniwalang hindi maayos ang mga istruktura at pasilidad sa palengke—wala o sira-sira ang bakod-pangseguridad, hindi magamit ang palikuran, kulang ang *supply* ng tubig, butas-butas at kinakalawang ang mga bubong, mabaho ang tambakan ng basura, at barado ang mga kanal.

54% ang nagsabing kinukolekta ang basura sa palengke araw-araw. 46% naman ay naniniwalang buwan-buwan isinasagawa ang pagbobomba ng mga pamatay-insekto / pesti sa palengke.

48% ng mga kalahok ang nag-mungkahing ibaba ang presyo ng bilihin sa palengke. Humigit-kumulang naman sa 25% ang nagrekomenda ng pagsasaayos ng mga pasilidad at istruktura; parehong porsiyento rin ng mga kalahok ang nagsabing dapat pagtuunan ng pansin ang malawakang paglilinis ng mga pamilihang-bayan sa Lungsod Quezon.

AGORA NEWS

Vol. 1 No. 3 **August 1998**

Agora News is published monthly by the Market Administration Division of Quezon City. It is available free of charge. Please send in your article contributions to the Editorial Staff at the address below.

Dr. Manuel S. Alba
Chairman, Editorial Board

Teodoro C. Rey, Jr.
Editor-In-Chief

Leslie T. Villorente
Managing Editor

Arni Marie A. Maniego
Writer/ Lay-out Artist

Ernie D. Patawaran
Artist

Albert A. Bollosa
Photographer

Mailing Address :
Editor-In-Chief, AgoraNews
Market Administration Division
12th Floor, Quezon City Hall, Q.C.
Tel. 922-90-73

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 1 No. 4 | Monthly Newsletter | September 1998

LA NIÑA WATCH FORMED

September 4 -- Mayor Ismael A. Mathay Jr. ordered the formation of LA NIÑA WATCH in a bid to prevent loss of lives and properties during the onslaught of the weather disturbance expected to hit the country next month.

Barangay security development officers will be tapped to form part of the La Niña Watch to closely monitor flood-prone areas and danger zones i.e. creeks and riverbanks.

Flood-prone areas identified by the city engineering department include Brgys. Tatalon, Sto Domingo, San Francisco Del Monte and Talayan.

The Mayor has ordered the release of P1 million from the city's calamity fund for the purchase of rescue and lifesaving equipments *(rubber boats, bamboo rats, oil drums,and others)* in preparation for the La Niña.

NOTICE TO LEGITIMIZE NON-AWARDEE STALL OCCUPANTS

By the Acting Market Administrator

Pursuant to the instructions of the Hon. Mayor Ismael A. Mathay Jr., we are currently implementing a legitimization scheme under which the actual occupants of market stalls who have been operating such stalls without valid awards may now apply for the award of said stalls.

Interested stall holders are given up to **September 15, 1998** to submit their accomplished application form. Application Forms are available at the office of your Market Supervisor.

MATHAY: "MY BEST FOR OUR BELOVED PEOPLE "



*Quezon City Mayor Ismael A. Mathay Jr. delivered his **State of the City address** during the council's inaugural session last September 3 at the QC Albert Hall. The mayor called on council members to enact new measures and launch programs to help propel the city to growth and progress, as envisioned by its founding father, the late President Manuel L. Quezon. The council's inaugural session was officially opened by Vice Mayor Connie Angeles. (PAISO)*

Mayor Mathay stressed that the strong working relationship between the city government and the city council allowed for achievements in the last three years and will allow it to continue with its programs for development for us to leave a *"visible legacy to the city in the next three years."*

"This is my third and last term, and with your collaboration and cooperation, I hope to do my best for our beloved city and its people," he said.

He emphasized the achievements in the areas of public education, infrastructure, improvement of the delivery of basic services, lighting of the city, improving the environment, public assistance services and business development, were made through collaboration between the city government, city council, barangay officials and the private sector.

Top priorities among the plans and programs for the next three years include the continued water source development and distribution program to provide enough potable water supply in the areas not yet reached by the Maynilad Water Services.

The government's educational development program through the construction of additional school buildings and the teacher retraining program. Other major concerns are the enhanced health and social services, complete computerization at the city hall payrolls and basic operations of offices and departments, establishment of environment-friendly waste management facilities to replace the Payatas open dumpsite, improvement of "enhancement areas" at the QC Memorial Circle, the site of the **World Expo 2002**, and others.

Editoryal

MAG-INGAT SA DENGUE, MAGHANDA SA LA NIÑA



May kasabihan sa wikang Ingles, ***"To be forewarned is to be forearmed."*** (Ang mabigyan ng babala ay makapaghahanda.)

Marami na ang biktima ng ***dengue,*** ang sakit na nagmumula sa kagat ng lamok na *Aedes Aegypti.* Hindi biro ang sakit na ito, sapagkat ito ay maaaring kumitil ng buhay, lalo ng mga kabataan.

Dahil dito, nananawagan ang ating Punong Lungsod Ismael A. Mathay, Jr. sa bawat mamamayan na isakatuparan ang ***4 o'clock habit,*** o ang paglilinis ng ating kapaligiran na maaaring bahayan ng mga lamok (tulad ng mga *stagnant* o di umaagos na tubig sa mga gulong, lata, bote, plorera, paso, timba at iba pa.) Ngayong panahon ng tag-ulan, ito ay lalong dapat na maging bahagi ng ating araw-araw na gawain

Higit pa rito, matapos ang matinding tagtuyot na dala ng El Niño, parating naman ang di-pangkaraniwang ***La Niña*** o matinding pag-ulan. Balitang-balita sa mga pahayagan at telebisyon ang sunud-sunod na pagbabaha sa mga karatig-bansa ng Pilipinas tulad ng Bangladesh, Korea, Tsina, at Hapon dala nitong ***La Niña***.

Ang ***La Niña*** ay tinatayang darating sa bansa mula sa susunod na buwan ng **Oktubre** hanggang **Mayo 1999.** Ngayon pa lamang, nararapat lamang na pag-ibayuhin na ang paglilinis ng mga baradong kanal at imburnal sa bawat barangay upang maayos ang pagdaloy ng tubig.

Ang mga tahanan na nasa tabi ng mga lawa ay lalong dapat mabigyan ng babala upang maghanda sa mabilisang paglikas. Ang mga *evacuation centers* ay nararapat na may sapat na gamot o mga pang-unang lunas. Higit sa lahat, ang ***DISASTER COORDINATING COUNCIL*** ay dapat maghanda upang bumilis ang kanilang pagtugon sa oras ng kalamidad.

Sa bawat araw, higit na kritikal ang regular na paghahakot ng mga basura upang maiwasan ang pagkalat at pagbara sa mga daluyan ng tubig-ulan.

Ang mga *non-government organizations* ay dapat naka-alisto din sa pagbibigay-impormasyon at pagtulong sa mga nangangailangan. Bilang mamamayan, mainam na mag-organisa o makilahok tayo sa mga *volunteer activities* para sa ating lugar.

Oras na para kumilos! Pagsikapan nating iwasan ang salantang nagbabantang dumating!!!

Wika nga ni Ted Engstrom, **"If we fail to plan, we are planning to fail."** *(Kung tayo'y mabibigong magplano, tayo'y nagpaplanong mabigo.)* □

BAGSAK PRESYO : ISANG PAGSASAKATUPARAN

Kakulangan sa pagkain ng karaniwang mamamayan ang resu ng kasalukuyang krisis sa ating ekonomiya. Dahil dito, minab ng ating Acting Market Administrator G. Teodoro C. Rey, Jr. itatag ang proyektong **Bagsak Presyo,** na kung saan ang mga pres ng gulay ay *pipiliting* ibaba sa karaniwang presyo nito **sa tulong mga manininda at mga magsasaka.**

Ang layunin ay malinaw: **upang makatulong sa m mamamayang limitado ang salaping maaaring gastusin at upa maparami ang mabibili ng ating piso.**

Noong ika-31 ng Agosto, para sa *pilot test* ng proyekto, nagpulo sila G. Rey at ang mga miyembro ng *Cordillera Potato Produc Cooperative.* Napag-usapan dito ang magandang layunin at a posibleng pagbabalikatan ng mga magsasakang ito at ng kabuua pamilihang bayan sa Lungsod Quezon.

Araw ng BAGSAK PRESYO, Setyembre 5, ang taong bayan nakaramdam at nakapansin. Tanong nila, KAILAN UULITIN ITO? pakikipagtulungan ng ating mga mahal na manininda, marami a nakinabang at nakatipid.

Dumagsa ang mga mungkahi na sana, ito ay gawing regu kasama ng pagbagsak na rin ng presyo ng iba pang mga pagkain, g ng manok, baka, baboy, at bigas.

Kaya't kayo pong lahat ay aming hinihikayat na makiisa. Ipak natin sa buong Kamaynilaan na kaya ng mga pamilihang bayan Lungsod Quezon ang ganitong klaseng hamon sa ating pagsasan sama – PARA SA MASA.

(Para sa inyong mga order o mungkahi tungkol sa *Bagsak Pres* makipag-ugnayan lamang kay **G. Roger Bacaoco** sa tanggapan Task Force SMILE, Quezon City Hall, o tumawag sa numero: **92463 o 9246306.**) □

CONSUMER WELFARE DESK SA KAMUNING, INILUNSAD

Ni: Ed. F. Bainto

Ika-27 ng Agosto 1998, sa Kamuning Public Market, inilunsad ***Department of Trade and Industry – NCR*** sa pakikipagtulung ng **Kamuning Market Vendors Association (KMVA)** at ng ***Lo Price Coordinating Council (LPCC)*** ng Lungsod Quezon ang pa pitong *Consumer Welfare Desk (CWD)* sa buong Kamaynilaan.



Ang CWD ang magiging instrumento upang ang karapatan kapakanan ng mga mamimili ay mabigyan ng proteksyon maipaabot sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno ang mga karaing at problema ukol sa pamimili.

(sundan sa pahina 6

LETTERS TO THE EDITOR

PAGTUTULUNGAN PARA SA KAUNLARAN

Ang *"fast track improvement of public markets"* ni Hon. Ismael Mathay ay dapat malugod na tangkilikin ng mga vendors, maging sila man ay kasapi sa asosasyon o kooperatiba. Sa pangunguna ni Market Administrator G. Teodoro Rey, maaasahan na matutupad ang kapuri-puri na hakbang sa ikauunlad ng mga pamilihang bayan ng Lungsod Quezon.

Isang magandang samahan ng kooperatiba at asosasyon ay nasa Project 2 Market. Sa mabuting pamamalakad ni Gng. **Teresita B. Virola,** pamangkin ng pangatlong Mayor ng Lungsod Quezon na si G. Ponciano Bernardo, ay laging isa ang adhikain sa pamilihang bayang ito alang-alang sa kaunlaran.

MARCIANO VERGEL
Project 2 Public Market, QC

QC PUBLIC MARKETS AS TOURIST DESTINATION

Mabuhay! We salute Hon. Mayor Ismael A. Mathay, Jr. for the pronouncement of NO PRIVATIZATION of the eight (8) public markets of Quezon City. He is indeed the champion of the ***common tao*** majority. The same goes to City Administrator Dr. Manuel S. Alba and Market Administrator Mr. Teodoro C. Rey who created the QC Market Management Committee.

We, the public market vendors of Quezon City will do our part in making the public markets as tourist spots where they could see and get goods at low prices like San Andres Market in Manila which is popular among the tourists because of their attractive fruit stalls.

Our very own Kamuning Market is known for its textile materials. Tourists tired of seeing the same kind of shopping malls and modern supermarkets may instead visit our place where they can see more business activities. Remember when the famous actress ***Thalia*** came to the Philippines and visited the famous ***"Ilalim ng Tulay ng Quiapo?"*** The said market is known for its crafts made of abaca and cane.

We can also develop our market by putting up more stalls with their specialties. We should promote our products for economic growth and always maintain the cleanliness and dignity of the market and the community.

TERESITA B. VIROLA
Project 2 Market Vendors Retailer Credit Coop.
Chairman &
Project 2 Market Vendors Association President

STEP-BY-STEP PROCEDURE IN THE PROSECUTION OF ILLEGAL VENDORS, VIOLATORS OF MARKET CODE & OTHER RELATED ORDINANCES

Step 1. Market Administration Division will issue warning notices to serve as advise to all vendors. Vendors must heed said advise since the Market Administration Division will soon be informing the police authorities and authorized Market Security Personnel to conduct unwarned arrests.

Step 2. Police / Authorized guards will effect:

- ❑ arrest of illegal vendors;
- ❑ confiscation of merchandise and other evidences;
- ❑ temporary detention at the nearest station;
- ❑ fingerprinting/picture-taking of respondents;
- ❑ preparation of affidavits of arrest and referral letter to the City Prosecutor;
- ❑ bring accused to court for arraignment along with the merchandise / other evidences.

The Market Administration Division will:

- ❑ record/file the names of those apprehended;
- ❑ determine if accused is a first offender, or a recidivist (frequent offender);
- ❑ put notation on the referrals;
- ❑ forward the documents to the City Prosecutor.

Step 3. City Prosecutor will receive documents for filing with the Night Court, prepare information, and forward all other documents to the Night Court.

Step 4. Night Court will arraign all accused. If accused pleads guilty, accused will pay fine, or serve meted punishment. Afterwards, Court will order for offender's release. If accused pleads not guilty, trial will follow. ❑

MARKET COLLECTIONS

MARKET	JULY	AUGUST
Frisco	P59,024.36	P57,433.59
Galas	165,884.00	164,537.45
Kamuning	202,786.35	225,869.95
Murphy	102,473.53	117,868.85
Project 2	17,189.65	14,120.96
Project 4	53,583.65	52,941.25
Roxas	24,845.00	28,994.50
San Jose	10,748.50	10,319.50
TOTAL	636,535.04	672,086.05

The total Market Collection for the month of August (P672,086.05) went UP by P35,551.01 compared to July's P636,535.04, a 5.56% increase in collection. ***(source: City Treasurer's Office)***

Cooperative's Corner:

HISTORY OF THE FRISCO MARKET VENDORS & RETAILERS CREDIT COOPERATIVE

By Ernesto V. Arcangel, Manager

Man like other creatures follows the established order of events in order to survive. He knows that a task beyond the capabilities of an individual could be accomplished through cooperation. It is in this premise that the Frisco Market Vendors and Retailers Credit Cooperative was organized.

The Cooperative was organized on **March 27, 1985** by **33** ordinary vendors who contributed **P500.00 each**. The sum of **P16,500** became the starting capital.

As a newly organized cooperative, members had to struggle and sacrifice as the path leading to success seemed too rough and endless.

Despite the travails and odds we encountered, we still dared to walk on the trail where only the dedicated and determined have ventured. It is a route where we once stumbled, but stood up. This we owe to the profound performance of the leaders and staff, but **to a greater degree, to the membership**...❑ *(to be continued next issue)*

MURPHY, HATAW NA!

Ni Jose Guevarra at Bob Ferrer



Ang ilan sa mga kapipinturang ***fruit stalls*** *sa harap ng Murphy Public Market. Kulay luntian ang kulay nito at sariling gastos ng* stallholder.

Sunod-sunod ang proyekto sa pamilihang bayan ng Murphy. Ilan sa mga ito ay ang mga tindahan ng prutas at paglilinis ng lahat ng pasilyo sa harap ng nasabing palengke. Magtatalaga na rin ng lugar para sa paradahan ng sasakyan ng mga mamimili.

Ito ay ayon sa planong pagsasaayos ng nasabing pamilihan at gawing tampok na atraksyon ang mga prutas dito.

Liban pa dito ay ang pagpapaluwag ng pambungad na pintuan (entrance) para sa maginhawang daloy ng pagdaan ng mga mamimili. ***(sundan sa pahina 6)***

COMMUNITY ALERT

QC AGAINST DENGUE

QC Mayor Ismael A. Mathay Jr. has ordered an intensified fumigation operations in the city as he urged city constituents to be on guard against dengue fever.

City Health Officer **Dr. Ma. Paz Ugalde** said there are already 396 reported cases of dengue fever in QC from January to the first week of August 1998.

BRIEF info on

DENGUE

from the MEDICAL AND DENTAL UNIT

Dengue fever is an infectious disease caused by different strains of dengue virus. It is called H-Fever once it manifests bleeding tendencies. It is transmitted by day biting mosquitoes which breed on standing / stagnant water. Infection may occur at any age but it is common among schoolchildren. The incidence is high during rainy months.

SYMPTOMS:

Sudden onset with fever from 39 to 40 degrees Celsius and headache. There is loss of appetite with vomiting and abdominal pain. On the second or third day, fever persists and all other earlier symptoms increase. Torniquet is often positive from the onset or after a few days, except for atypical cases. Petechiae or reddish patches may be observed in pressure areas.

About the fifth to the seventh day, the fever subsides. A rash appears on the upper or lower extremities. The rashes last from two (2) to three (3) days. From this stage on, the child begins to improve steadily.

STAGES OF H-FEVER

Grade I - fever accompanied by non-specific symptoms, the only hemorrhagic manifestation is a + torniquet test.

Grade II - additional manifestation to those of Grade I is spontaneous bleeding – skin and/or other hemorrhages.

Grade III - circulatory failure (rapid and weak pulse, hypotension with presence of cold, clammy skin and restlessness).

Grade IV - profound shock with undetectable blood pressure (BP) and pulse.

PREVENTION

- Standing water in the household and premises should be properly drained.
- Remove flower cases, empty bins, old tires, and other receptacles in the yard for they are good breeding places of mosquitoes.
- Avoid mosquito bites by usual measures.

BILLBOARD AT DIRECTIONAL SIGN SA PROJECT 2 MARKET

Ni: Roger Gregas

Hindi lingid sa atin na marami sa mga residente ng Project 2 at 3 ang hindi nakaalam sa pamilihang bayan ng Project 2 at halos ang iba naman ay nag-akalang nagsara na ang nasabing pamilihan.

Kaya naman lubos ang pagpapasalamat ng mga manininda sa Market Division sa pamumuno ni Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. ng maikabit na ang *billboard* at *directional sign* ng nasabing palengke.



Mula pa rin sa kagandahang-loob ng San Miguel Corporation ang bagong karatula ng Project 2 Public Market. Naniniwala ang mga manininda na ito ay hakbang upang magbalik sigla ang kalakalan sa pamilihang bayang ito.

Nais ring iparating ng mga manininda sa Market Division na kung maaari ay mailipat sa ating pamilihang bayan ang lahat ng *sidewalk vendors* sa Molave Street, Project 3 (likod ng St. Joseph Church) upang lalong magbalik-sigla ang kalakalan sa palengkeng ito.

Sa kasalukuyan, ang mga *sidewalk vendors* na ito ay lumalabag sa ating Market Code at nagtitinda ng walang kaukulang permit at buwis. Marami ang bakanteng puwesto sa pamilihang bayan at kung nanaisin lamang nila, ito ay maisasakatuparan.

SAN JOSE PUBLIC MARKET UPDATE

Ni: Regino Gaudiel

Ika-24 ng Agosto nang manumpa sa kanilang katungkulang ang mga Board of Directors ng San Jose Public Market Vendors' Association. Ang mga bagong opisyales na ito ay nagpahayag ng mas pinasigla pang asosasyon sa pagtitinda.

Kasalukuyan ding itinatayo ang palikuran sa nasabing palengke, isa sa mga proyektong isinakatuparan ni Acting Market Administrator G. Teodoro C. Rey, Jr.

Nagpapasalamat din sila kay **Col. Jonas Garcia** sa pagsasaayos ng kanilang linya ng tubig.

Sa Setyembre 9 naman ang gagawing malawakang paglilinis.

FRISCO MARKET MANAGEMENT COMMITTEE MEETING HELD

By: Cesar Medrano

The Frisco Management Committee held its monthly meeting last August 24 at the Frisco Cooperative Office.

Present were **Mr. Ernesto Arcangel** Coop General Manager and Assistant Marke Supervisor, **Mrs. Rufina Ramos,** Frimava President, **Barangay Captain Gualbert Casaje Jr., P/Maj. Miranda and P/Lt. Albert Rosario** of the Police Block, **Ms. Jolly Calala** from the Office of Congressman Reynald Calalay, Assistant Market Administrator M **Noel Soliven,** Market Supervisor III **Cesar V Medrano**, and Acting Market Administrator M **Teodoro C. Rey Jr.**

Mr. Rey pointed out that attention shou be focused on the markets and that the Marke Administration Division, as supported by th Honorable Mayor Ismael Mathay Jr., w embark on projects aimed at improving marke viability.

Projects, i.e. "Mutya ng Pamilihan," "Bagsa Presyo", and operations against hawkers an Market Code violators are on-going.

The Committee members promised the full cooperation and support to whatev programs of the current administration for th good of the market and the community.

BALITANG KWATRO

Ni: Armando Limos

Agosto 1998 nang muling naitayo an istruktura ng Pamilihang Bayan ng **Proje 4** sa pamamagitan ng Congression Development Fund ng butihing kinatawa ng ikatlong distrito ng Lungsod Quezon **Kg MIKE DEFENSOR.**

Ito ay sa pakikipag-ugnayan ni Bb. Tin Santiago, sampu ng mga kasapi ng Project Vendors' Association sa pakikipagtulungan Market Administration Division at ng butihi Punong Lungsod Kgg. Ismael A. Mathay, Jr.

Matagal na panahon din ang ipinagtiis mga manininda at mamimili sa nasabing lug Ngunit sa ngayon, masasabing bumabalik na a mga dating suki, na siyang dahilan upang muli sumilay ang mga ngiti ng pag-asa sa mga labi manininda.

Sa kasalukuyan, para sa ikalilinis pamilihang ito, mahigpit nang ipinapatupad a pagtatapon ng basura ayon sa takdang oras pagitan ng **11:00 n.u. - 2:00 n.h.**

Ang dating imbakan ng basura ay ipinagi na ng Market Division at ngayon ay ipinagaw nang MINI GARDEN. Ang pagsasakatuparan n ay sa tulong na rin ng Brgy. Council, Mark Division, Environmental Sanitation Cente

(sundan sa pahina

Feature Series

ECOLOGICAL WASTE MANAGEMENT IN MARKETS

(second of three parts)

STEPS FOR IMPLEMENTATION:

-Information dissemination on EWM
-Appointment of an Ecology / Recycling officer; and formation of core group;
-Grouping of market stalls and appointment of a coordinator for each group;
-Choosing a Pilot Section & drafting of a plan;
-Scheduling of a program launching date;
-Monitoring, supervision, and evaluation
-Documentation, Reporting, & Recording

METHODOLOGY:

1. ***COMPOSTING***

-Place bottomless composters directly to the top soil. Put 2- inch soil to collect the seepage of the wet garbage.
-Put biodegradable waste, about 3" thick. Layer with soil, about 2" thick enough to cover the surface of the materials; otherwise this will invite flies and other insects, which will cause delay in the decomposition process.
-Insert 3 pieces PVC pipes previously prepared to act as "aerators."
-Sprinkle with water (for moisture)
-Repeat the procedure until the composter is full, and follow the same procedure to the next composter. (Composting is basically like preparing a sandwich; "spread and bread" method or "layering")

2. ***RECYCLING***

-Separate non-biodegradable materials and place in their respective containers or sack hangers. As a general rule, all materials for recycling with food particles or residue must be washed clean to get rid of flies, ants, and other insects.
-Put metals and cans in a single container. Cans should be pressed to minimize area coverage. But if space is big enough, put items of different kind in separate containers.
-Separate and pack recyclable materials which can be sold as factory returnable, or can be used for handicraft and various livelihood projects.

MANAGEMENT OF A COMPOSTER:

-An Officer-in-charge (OIC) properly trained will personally supervise the placement of biodegradable materials into the composter, to be assisted by a helper.
-Plastic / cellophane wrappers and tin cans should not be included in the materials for composting.
-The BIO-MAN will collect the biodegradable materials for delivery to the common composters.

(concluding part next issue)

SERYE NG PANANALIKSIK, ILULUNSAD NA!

ni: Leo Eugenio

Mula Setyembre hanggang sa katapusan ng taon, dalawang magkaugnay na survey ang ilulunsad ng *Market Administration Division (MAD)* at *Quezon City Local Price Coordinating Council (QC-LPCC)* upang magsilbing batayan ng mga susunod pang mga proyekto.

Aalamin mula sa naturang *survey* ang kalagayan ng iba't ibang aspeto ng ating mga pamilihang-bayan, tulad ng kalinisan at seguridad, maging ang *performance* ng *market staff.*

Liban dito, isa pang pag-aaral ang ilulunsad ng QC-LPCC na naglalayong alamin ang antas ng kamalayan ng mga mamimili ukol sa ***Consumer Protection Program (CPP)*** ng ating pamahalaan. Ito ang magsisilbing batayan sa pagtatatag ng ***Consumer Welfare Desks*** upang masiguro ang wastong kaalaman ng mga mamimili sa kani-kanilang karapatan.

Layunin ng mga pagsasaliksik na ito ang **mapabuti ang mga serbisyong pampubliko sa ating mga pamilihang-bayan.** Ito ay paraan din ng pagkonsulta ng pamahalaang lokal ng Lungsod Quezon sa mga mamamayan tungo sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga proyekto at programa para sa nakararaming taong-bayan.

SIGNBOARD NG ROXAS PUBLIC MARKET, IKINABIT NA!!!

Ni: Elmer Ferran

Ikinabit na ang *signboard* o karatula ng Roxas Public Market noong ika-15 ng Agosto, 1998.

Maaalalang ang Roxas Public Market ay hindi masyadong napupuna ng mga motorista, maging ng mga mamimili, dala ng kawalan ng karatula. Ngayon, hindi lang ito kapansin-pansin, ito ay lalong naghihikayat ng mga mamimili, at waring ipinagmamalaki na ito ang kanilang *"bagong"* pamilihang bayan na dapat tangkilikin.



Ang nasabing signboard ay mula sa San Miguel Corporation bilang serbisyo publiko sa mga mamamayan ng ating lungsod.

PROFILE OF SERVICE



HON. JULIAN EDWARD EMERSON M. L. COSETENG

Jules, ang palayaw niya. Siya ay konsehal sa ikatlong distrito at ang taga-pangulo ng **Committee on Markets and Slaughterhouses** na kabalikat ng ating Market Administration Division.

Ang kanyang lubos na pagtulong at pagsuporta sa mga proyekto para sa ikaaayos ng ating mga pamilihan ay tunay na nararapat lamang na bigyang pasasalamat nating lahat.

Isa siya sa mga taong nagsakatuparan ng ***retiling project*** sa Project 4 Public Market sa pamamagitan ng pagbibigay ng malaking diskwento sa mga materyales mula sa kanilang Mariwasa Tile Factory.

Ang kaibigan nating si ***Jules,*** ang panganay na anak ni Senadora Nikki Coseteng, ay ipinanganak na may puso para sa pakikipagkapwa-tao at serbisyo.

Nagtapos siya sa mababa at mataas na paaralan ng La Salle Green Hills, San Juan; at kolehiyo naman sa De La Salle University, Taft Avenue, Manila.

Pangalawang pangulo siya ng *Committee on Public Order and Security* at maging ng *Committee on Parks, Environment and Ecology.*

Kasapi din siya ng *Committees on: Education, Science and Technology, Subdivision Housing and Real Estate, Justice and Human Rights, Games and Amusement,* at *Cultural Affairs and Tourism.*

Liban sa mga ito, miyembro din siya ng Rotary Club of Katipunan.

Sa iyo, mahal naming Konsehal, aming kaibigan, maraming, maraming salamat!

MUTYA ng Pamilihan:
PATIMPALAK TUNGO SA PAGKAKAISA

ANO ANG PALIGSAHANG ITO?

Ito ay simula ng isang taunang paligsahan ng ganda, talino at talento sa LAHAT ng mga kadalagahan sa QC na naglalayong pakilusin ang buong MARKET COMMUNITY tungo sa iisang layunin – **ang pagsasaayos ng ating mga pamilihan.**

SINU-SINO ANG MAARING SUMALI DITO?

- Mga dalaga, **18 - 23** taong gulang
- May ganda, talino at talentong maipagtatagisan sa marami pang mga dalaga sa buong Lungsod Quezon
- May kaisipang pansibiko; handang tumulong sa kapwa
- May potensyal mamuno sa mga kabataan tungo sa ikaaaayos ng komunidad na kanyang kinabibilangan

PAANO SUMALI DITO?

Ipalista ang pangalan ng mga kandidata sa tanggapan ng *Market Supervisor* sa pamilihang bayan na pinakamalapit sa inyo. Limang kandidata bawat palengke ang makikipagtagisan upang makamit ang titulo ng pagiging LAKAMBINI. Sa madaling salita, ang tatanghaling LAKAMBINI *ng ROXAS,* halimbawa, ay siyang magiging kinatawan ng pamilihang ito sa engrandeng MUTYA NG PAMILIHAN na gaganapin sa Disyembre 19.

KAILAN ANG HULING ARAW NG PAGPAPATALA?

Mayroon tayo hanggang **OKTUBRE 4, 1998** upang opisyal na maipatala ang ating mga kandidata. Ito ay sa kadahilanang sa OKTUBRE 12 na ang ***grand launching*** nito.

Ang **MUTYA NG PAMILIHAN** ay isang proyektong serbisyo-publiko. Naniniwala po kaming iisa ang layunin ng bawat komunidad – ang mapabuti ang kalagayan ng bawat miyembro nito. Sa pamamagitan ng ganitong mga gawain – ang paghihikayat sa partisipasyon, pakikipagtulungan, at pakikipag-ugnayan ng bawat isa, ito ay maaaring makamit.

PARA PO SA ATIN ITO! ☐

(MURPHY... mula sa pahina 3)

Napagkasunduan sa isang pagpupulong na dinaluhan ng Murphy *Market Supervisor,* mga pinuno ng asosasyon at kooperatiba na sina Liwayway Forte at Felix Evangelista, at Security Head Jose Chua na sila ay gagawa ng konkretong hakbangin upang lutasin ang problema sa mga ***illegal dwellers***, at mga gumagalang aso sa loob ng palengke.

Makiisa po tayo sa pagsasakatuparan ng mga proyektong ito. ☐

(CONSUMER ... mula sa pahina 2)

Ang kasunduan sa layuning ito ay nilagdaan nila QC Mayor Mathay, DTI-NCR Provincial Director Grace Soller, DTI Assistant Secretary Zenaida Maglaya, Pangulo ng KMVA Inigo Basagre, at Tagapamahala ng Kamuning Vendors Cooperative Liwayway Badlis.

Nagsidalo din sila DTI-NCR Asst. Sec. Zenaida Maglaya, City Administrator Dr. Manuel S. Alba, Councilor and Committee Chairman on Markets and Slaughterhouses Julian Coseteng, Councilor Bu Mathay, Task Force Clean and Green Assistant Director Tetchie Rentoy, mga pangulo ng asosasyon at kooperatiba ng mga manininda sa iba't-ibang pamilihang bayan ng Lungsod Quezon at mga kasapi sa LPCC. Maalalang inilunsad ang Consumer Welfare Desk sa Farmers' Market sa Cubao noong ika-21 ng Agosto 1998. ☐

CONGRATULATIONS TO:

PROJ. 4 DEV'T COOPERATIVE, INC.

for being awarded No. 2 Best Cooperative in Metro Manila of the 1998 GAWAD PITAK AWARD of LANDBANK OF THE PHILIPPINES, given August 7, 1998, Malacanang.

Chairman - Atty. Arcelio Fetizanan
Vice-Chairman-Fiscal Rosalina Datiles
Directors: **Agnes T. Carreon**
Enriqueta delos Trinos
Ofelia Gatmaitan
Carmen Peralta
Pelagio Tolentino
Carmen J. Teano

TASK FORCE BAYANIHAN:
TUNAY NA KAIBIGAN

BAYANIHAN -- pangngalan -- pagtutulung-tulungan ; isang kaugaliang Filipino.



*Ang **TASK FORCE BAYANIHAN,** sa isa sa mga **street operations** sa ating Lungsod. Ang serbisyo nila, mula sa paglilinis at pagpapaganda ng ating kapaligiran, (tulad ng **declogging clean-up at beautification projects,**) hanggang sa mga **rescue at disaster operations,** ay tunay na maaasahan.* ☐

(BALITANG ... mula sa pahina 4)

Task Force Clean and Green at Vendors Association.

Upang maisakatuparan ang mga proyekto sa kalinisan, malaki ang naging suporta ng Brgy. Milagrosa Brgy. Capt. Rolando B. Jarabelo, sa pamamagitan ng pagsaway sa mga ayaw sumunod sa patakaran at pag-iisyu sa mga ito ng Environmental Violation Receipts (EVR).

Isa pang proyekto ay ang pagsasaayos ng *fish section* na kung saan ay naglagay ng tubong bakal (GI pipe) na siyang magsisilbing sabitan ng timbangan at mga ilaw. Tinanggal na rin ang dating sira-sirang bubong at mga kahoy upang maging maaliwalas ang kapaligiran.

Isusunod na ang ***retiling*** ng mga mesa ng mga manininda. Si Bb. Tinay Santiago ay nakipag-ugnayan na sa MARIWASA TILE FACTORY na malugod namang nagbigay diskwento at karagdagang libreng ***tiles*** sa kagandahang-loob ng ating butihing Konsehal Julian Coseteng.

Dahil sa pagkakaunawaan at pagtutulungan ng mga manininda at ng Pamahalaang Lungsod, ang lahat ng mga proyekto ay unti-unting naisasakatuparan. ☐

AGORA NEWS

Vol. 1 No. 4 **September 1998**

Agora News is published monthly by the Market Administration Division of Quezon City. It is available free of charge. Please send in your article contributions to the Editorial Staff at the address below.

Dr. Manuel S. Alba
Chairman, Editorial Board

Teodoro C. Rey, Jr.
Editor-In-Chief

Leslie T. Villorente
Managing Editor

Arni Marie A. Maniego
Writer/ Lay-out Artist

Ernie D. Patawaran
Artist

Albert A. Bollosa
Photographer

Mailing Address :
Editor-In-Chief, AgoraNews
Market Administration Division
12/F Quezon City Hall, Q.C.
Tel. 924-63-13 / 924-63-06

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 1 No. 3 | Monthly Newsletter | October 1998

BAGSAK-PRESYO: PINASINAYAAN

Pormal na pinasinayaan at inilunsad ang "Bagsak-Presyo" sa Quezon City Hall noong nakaraang Oktubre 8.

Ang naturang paglulunsad ay dinaluhan ng mga Konsehal at mga pinuno ng iba't-ibang departamento at tanggapan sa Quezon City Hall. Kabilang sa mga ito si Bb. Vilma Valera, Tagapangulo ng Two Hearts Foundation; ang Kgg. na Bise-Alkalde Connie S. Angeles; at si Dr. Manuel S. Alba, ang Tagapangasiwa ng Lungsod.

Sa isang maikling pananalita ay binaliwanag ni G. Teodoro C. Rey, Jr. na ang layunin ng "Bagsak-Presyo" ay ang mapanatiling mababa ang presyo ng mga gulay at karne at iba pang pangunahing bilihin sa kabila ng mabilis na pagtaas ng mga presyo dahil sa ating dinaranas na krisis pang-ekonomiya.

Ayon din kay G. Rey, ang kanyang tanggapan ay nakikipag-ugnayan sa mga magsasakang taga-Benguet at sa Monterey Food Corporation upang maghatid sa mga manininda sa ating mga pamilihang-bayan ng mga sariwang gulay at karneng may magandang kalidad, na maaari naman nilang itinda sa halagang mas mura pa sa mga kasalukuyang presyo ng mga bilihin.

Malaking tulong ang dulot ng "Bagsak-Presyo" sa mga empleyado ng City Hall at sa mga namamalengke sa ating mga pamiiihang-bayan.

" ONWARD QUEZON CITY 2000 "



Vice-Mayor Connie Angeles graces the "Bagsak Presyo" launching. Other guests were (L-R) Councilor Eric Medina, Father John Rabideau, Ms. Vilma Valera, Coun. Julian Coseteng and Dr. Manuel Alba.

President ERAP Designates Mayor Mel Mathay as Payatas Development 2000 Project Management Executive Officer

President Joseph Estrada has designated Quezon City Mayor Ismael Mathay Jr. as the Project Management Executive Officer for the Payatas 2000 Development Framework Plan which the national government has approved and set to undertake in line with the President's *"Erap Para Sa Mahirap"* program.

With his designation, Mayor Mathay shall assume overall management responsibilities in the execution of projects under the approved program for the development of the Payatas dumpsite in Quezon City and its conversion into a housing commercial and light industrial zone.

The Mayor's appointment was included in an executive order issued by President Estrada last Wednesday, where Cabinet Projects Coordinating Committee was formed to help oversee the project development in the Payatas area, one of Metro Manila's thickly populated urban poor communities.

(Turn to page 4)

EDITORYAL

KALINISAN TUNGO SA KAUNLARAN

Isang memorandum ang nilagdaan ni Pangulong Joseph Estrada upang mailunsad ang *"National Clean-Up Day"* sa ika-7 ng Nobyembre, isang araw ng sama-samang pagkilos ng bawat Pilipino upang makamit ang kalinisan sa buong bansa. Ito ay matapos nagsilbing inspirasyon at malaking hamon kay Pangulong Estrada ang kalinisan na kanyang natunghayan sa mga daanan at gusali ng Singapore nang siya ay bumisita dito kamakailan.

Sisimulan ng Pangulo ang kanyang kampanya para sa kalinisan sa opisina ng Malacañang. Hinihikayat din niya ang mga pamahalaang lokal na magsagawa ng kani-kanilang mga hakbangin upang maipatupad ang *clean-up drive* na ito.

Bilang hamon, binitiwan ng Pangulo ang mga katagang "kung kaya ng Singapore, kaya rin nating gawin ito, at malampasan pa."

Ayon kay Civil Service Commission Chairman Corazon Alma de Leon, maaaring mapatawan ng multang katumbas ng isang buwang suweldo o kasong pang-administratibo ang mga tauhan ng Malacañang na hindi tumutupad sa mga naaayong hakbang upang mapanatili ang kalinisan sa kanilang tanggapan. Ang probisyong ito ay nasasakop ng Civil Service Code. Ayon pa sa kanya, ang isang marumi at magulong *"workplace"* ay tanda ng mababang kalidad at di-produktibong ng paggawa.

Bilang tugon ng ating pamahalaang lokal, idineklara ng Task Force Clean and Green ang Quezon City Hall bilang isang " *garbage-free zone* " . Dito'y ipatutupad ang paghihiwalay sa pagtatapon at pagkokolekta ng mga tuyong basura (tulad ng bote at papel) at mga basang basura (tulad ng mga tira-tirang pagkain). Nagdaos din ang TFCG ng seminar tungkol sa konsepto ng "5S" na isang uri ng *"management for productivity"*. Ang "5S" (suriin, sinupin, simutin, siguruhin ang kalinisan at sariling-kusa) ay tumutukoy sa limang hakbang tungo sa malinis at kaaya-ayang kapaligiran sa opisina. Ang naturang seminar ay dinaluhan ito ng mga kinatawan ng iba't-ibang opisina sa City Hall. Nagbuo rin ng mga pamunuan pang ipatupad at pangunahan ang programang "5

Nangako rin ang Clean and Green mahigpit na nitong ipagbabawal pagkakalat sa paligid ng City Hall. Ang sinumang mahuling nagtatapon sigarilyo o balat ng kendi sa di-tam lugar ay magmumulta o kaya nam magsasagawa ng "*community servic*

Isang ordinansa naman ang init ni Konsehal Mike Planas kung s ipinagbabawal ang paggamit ng n lalagyan at pambalot na gawa plastik, at sa halip ay ipatutupad paggamit ng mga supot na yari papel.

Ang napipintong pagsasara ng n tambakan ng basura sa Payatas ay pa ring malaking hakbang up pagandahin at linisin ang Lung Quezon.

Sana'y makiisa at magtulun tayong lahat sa pagsasakatuparan mga programang pangkalinis nabanggit tungo sa pagpapanibago anyo ng ating mahal na Lungsod.

Mabuhay ang Quezon City kanyang ika-59 Anibersaryo Pagkakatatag!!!

City Market Management Committee Update

The City Market Management Committee held its 3rd regular meeting last September 17, which was presided by its Executive Officer, Mr. Teodoro C. Rey, Jr. The following were some of the important matters discussed in the said Committee meeting:

- The formation of a Joint Inspection Team composing of at least one representative from each of the departments /offices included in the Committee. The Team shall conduct regular monthly inspection of the Quezon City Public Markets.
- For fire prevention purposes, all electrical appliances must be switched off at the close of business hours. This shall be the responsibility of the Market Supervisors.
- The Quezon City Fire Department shall conduct fire drills in each of the eight (8) Public Markets, the schedules of which are to be determined by the Fire Dept. and the Market Supervisors.
- Open and common areas in the Public Markets are under the responsibility of the Market Supervisors, therefore making them liable for Market Code violations committed within these premises.

Additional Fire Extinguishers Required in Frisco Market

The Fire Department recently conducted an inspection of the Frisco Public Market. The Fire Department advised Frisco Market Supervisor Cesar Medrano to install 20 additional units of fire extinguishers, based on the standard of one unit for every 75 square-meter.

According to Assistant Market Administrator Noel Soliven, an estimate of P86,000.00 will be needed to fulfill this standard requirement and to buy the fire fighting machine equipment.

Mr. Medrano also requested for the improvement of water and electrical systems in the Market.

" Trust In The Lord "

LPCC Price Watch

In the midst of the regional cris and the soaring prices of bas commodities, the Acting Mark Administrator Teodoro C. Rey, advised the Monitoring Team of t Local Price Coordinating Coun (LPCC), headed by Mrs. Erlin Ramirez-Sumiran, to improve th systems for more accurate monitori of prices.

Mr. Rey further requested t Monitoring Team to implement t following changes in their pri monitoring system:

(a) Five stalls are to be monitored p market, indicating the names of th stall;

(b) Raw data gathered from the fi stalls are to be submitted eve Monday to the Technical Staff the Office of the Acting Mark Administrator which shall, in tur perform data analysis and subm the results to DTI every Tuesday fo metro-wide price monitorin purposes.

LABANAN AT SUGPUIN ANG DENGUE

Sa pagtutulungan ng Galas Public Market Administration, Vendor's Association at ng pamunuan ng Barangay San Isidro, Galas, maisagawa ang *"fumigation"* sa bawat sulok ng Galas Public Market na posibleng pinagtataguan ng salot na *Aedes Aegypti*, ang lamok na nagdudulot ng nakakamatay na sakit na dengue.



Ang "fogging operations" na isinagawa sa Pamilihang Bayan ng Galas kamakailan.

Ang mga manininda ay nagkaisa na gagawin nilang laging malinis ang kanilang mga puwesto at ang mga paligid nito upang hindi pamahayanan ng nakakatakot na lamok na maaaring magdulot ng kamatayan sa kanilang mga mahal sa buhay.



Quezon City Mayor Ismael Mathay Jr. starts the fogging machine as the city government renewed its anti-dengue campaign through the use of fumigation.

Mayor Mathay said they are coordinating a massive fumigation drive through the cooperation of the Fertilizer and Pesticide Authority and the City Health Department for training barangay workers on the proper use of fogging machines to make the anti-dengue campaign even more effective. Joining Mayor Mathay during the launching of the anti-dengue drive were Vice-Mayor Connie Angeles, QC Council Committee on Health Chairman Councilor Ramon "Bu" Mathay and Councilor Winnifredo Liban.

Quezon City Mayor Ismael A. Mathay Jr. checks on one of 50 bamboo rafts delivered from the province of Abra, which the City Gov't. recently purchased for distribution to the different flood-prone areas in the city. The rafts form part of the preparations of the City Government, through the City's Disaster Coordinating Council, in anticipation of the La Niña phenomenon, with barangay officials being mobilized for rescue and relief operations.



Earlier, Mayor Mathay led clean-up operations at creeks passing through the city. Joining the Mayor in photo are: Vice-Mayor Connie Angeles and Councilors Fresca Biglang-Awa and Eric Rey Medina.

Mayor Mathay Appeals For the Support of Balintawak Vendors in Keeping Markets Clean

Last October 2, Quezon City Mayor Ismael A. Mathay, Jr. warned Balintawak Cloverleaf Market stallholders to comply with proper sanitation requirements or face revocation of their permits.

During a meeting with officers of the Private Markets Association in Balintawak at the Quezon City Hall Bulwagan, the mayor underscored the need for market owners to fasttrack the necessary corrections to avoid any inconvenience in their operations.

"Let us work together to help improve the general sanitary condition and maintenance of all private markets in the city, particularly Balintawak," Mayor Mathay stressed.

The meeting with the officers of the association was called by the Mayor after receiving mounting public complaints about the poor sanitary conditions at the Balintawak Cloverleaf Market.

The Mayor directed City Health Officer Dr. Maria Paz-Ugalde to make proper coordination with the eight market owners, stallholders and vendors in Balintawak to ensure the strict compliance to the provisions of the Sanitation Code.

The mayor said it is necessary to implement cleanliness and orderliness in the area since this has been considered as the "bagsakan" center of vegetables and other prime commodities from Northern Luzon provinces.

BALITANG KUATRO

Ni: Armando V. Limos

Tatlong makabuluhang gawad ang nakamit ng Pamilihang Bayan ng Project 4 sa ginanap na paglulunsad ng *"Balik Sigla sa Palengke"* program noong ika-16 ng Oktubre 1998 sa Quezon City Hall Lobby.

Nakamit ng Project 4 Market ang Unang Karangalan bilang *"Pinakamalinis na Pamilihang Bayan sa Lungsod Quezon (GAWAD KALINISAN)"* at pumangalawa sila sa larangan ng kaunlaran *("GAWAD UNLAD")*.

Nagkamit din ng parangal ang masipag na Bgy. Captain na si Rolando B. Jarabelo ng Bgy. Milagrosa bilang kaagapay ng Pamilihang Bayan ng Project 4 sa mga proyekto para sa *KALINISAN, KATAHIMIKAN, AT KAUNLARAN".*

Ang mga karangalang ito ay nagkaroon ng katuparan sanhi ng kooperasyon at pagtutulungan ng namamahala ng Pamilihang-Bayan, mga manininda, mga mamimili at iba pang ahensiya ng lokal ng Pamahalaan ng Lungsod Quezon na walang sawang tumutulong sa mga adhikain at layunin tungo sa "pagbabalik-sigla" ng mga Pamilihang Bayan.

Nawa'y ang mga karangalang ito ay magsilbing gabay at inspirasyon sa ating lahat upang lalo pang pag-ibayuhin ang ating paglilingkod sa ating mga kababayan.

Sa ating mga minamahal na manininda, mga kaagapay at mga suki, ang mga karangalang ito ay para sa inyong lahat!

Maraming salamat po at mabuhay tayong lahat!!!

Reconstruction of Kamuning and Murphy Public Markets Underway; CPDO Tapped for Market Project Study

As ordered by Hon. Mayor Ismael Mathay, the reconstruction of Kamuning and Murphy Public Markets will soon begin.

The Mayor stressed, in one of his speeches, that sufficient ventilation and lighting should be provided. Moreover, construction of a mezzanine for the offices of the Market Supervisor and Vendors' Cooperative and Association is being considered as part of the project .

One of the main features of the reconstruction is the establishment of a Public Service Center which shall furnish the following services: automated teller machines (ATMs), payphones, mailing centers, photocopying services, and payment centers for Meralco and water bills.

The City Planning and Development Office (CPDO) was tapped by the Acting Market Administrator to prepare the project study for the reconstruction of Murphy and Kamuning Public Markets.

The project study shall incorporate the results of the survey conducted by the Market Administration Division and shall include management systems, costs, rental rates and market designs.

13-YEAR OLD COOPERATIVE STILL SERVES THE SMALL VENDOR

By: Teresita B. Virola

In today's time of dwindling cash sources due to economic crisis, Credit Cooperatives continue to flourish --providing needed financing aid to its members. For the past 13 years, Project 2 Market Vendors and Retailers Cooperative Incorporated, became the prime source of financing to the vendors and its members.

P2MURCCI was organized and registered on September 1985 through the initiative of Former Mayor Adelina Rodriguez, City Administrator Atty. Reynaldo Dionisio, Mr. Marciano Vergel and NAMVESCO. The objectives are to rescue the market vendors from the clutches of "loan sharks" and 5-6 money lenders, and to develop and teach the members the habit of thrift and saving. The Cooperative granted loans to all members based on their equity with an interest rate very much lower than banking rates and those of other commercial lending institutions. Those who avail of the loans will receive patronage refunds and rebates at the end of the year. Vendors who obtained their capital from Credit Cooperative offer reasonable prices for the goods they sell to the general consuming public because their business expenses are relatively much lower.

In terms of market rental collections, there was an increase of P.35 M in 1998 compared to 1997. Those with arrears have been asked to pay in full or else their awards will be revoked.

SECURITY GUARDS PINULONG NI G. REY

Pinulong ni G. Rey ang lahat ng mga guardiya sa palengke upang gawin silang mga frontline Market personnel. Sila ay mangunguna sa pagtulong sa maraming gawain ng Market Supervisor kabilang na dito ang pag-monitor ng iba't-ibang violation sa kaniya-kaniyang lugar; pagbibilang ng mga gamit na appliances upang malaman kung may overloading o wala; pag-tsek ng mga sukat ng puwesto; atbp.

Nagtalaga rin ng mga señor guards na mamumuno sa mga gawaing ito at nagkaroon din ng reshuffing ng mga guwardia. Ang mga naitalagang señor guards ay sina: A. Ortega / A. Bernardo / D. Tolentino / M. Salansang / S. Atienza / A. Ignacio / O. Lasco / R. Mijares at R. Mangulabnan.

RESULTA NG IKA – ANIM NA BILANGAN

Naganap ang ika-anim (6) at huling pagbibilang ng mga nalikom na donasyon nitong Enero 28, 1999. Ito ang naging resulta:

Market	Kandidato	Bilangan ng Boto
San Jose	Marilou Pampilon	P10,700
Roxas	Michelle Padillon	22,650
Kamuning	Jennifer Alberga	5,660
Proj. 4	Mila F. Navarro	19,200
Proj. 2	Marites L. Villar	12,250
Kamuning	Liezl Alvarez	50,000
Dapitan	Fergennette Gonzales	55,030
Murphy	Magdalene Grace Fungo	50,400
Proj. 4	Jacklyn Kate Cartasano	12,430
Galas	Gina Lositaño	12,400
Frisco	Marlene Tan	50,000

Apat ang naka – abot sa P50,000 at magkakaroon ng 50% sa bahagi ng kanilang Community Project. Ang iba pang kategorya ay 20% para sa kagandahan, 20% sa talento at 10% sa personalidad.



MOA VS. DOMESTIC VIOLENCE. Asec Jesus Ingeniero (seated, second from left) of DILG, and Q.C. Mayor Ismael A. Mathay, Jr. (seated, center), sign a MOA on the prevention and protection against domestic violence, aimed at sharing the responsibility of curbing the rising incidence of domestic violence through barangay-based projects. Others who acted as co-signatories to the agreement are Councilor Eufemio Lagumbay (seated left), Vice-Mayor Connie Angeles and City Administrator Dr. Manuel Alba. Witnesses include Councilors Liban, Banal, Sioson, Mathay, Medina and Q.C. Social Services Chied Ms. Tess Mariano.

ELEKSIYON NAGANAP SA PROJECT 4 MARKET VENDORS ASSOCIATION

Ang Project 4 Market Vendors Association ay nagdaos ng eleksyon noong Disyembre 8, 1998 upang bumuo ng bagong pamunuan at nahalal ang mga sumusunod :

President	-Tinay Santiago
Vice President	- Joanquin Palacio
Secretary	- Vangie Tarlengco
Assistant Sec.	- Conchita Masong (Appointed)
Treasurer	- Lilia De Dios
Asst.Trea.	- Ester Peralta (Appointed)
Auditor	- Gloria Aquisay
P.R.O	- Joerlan Guadalupe
	- Alfredo Canillo (Appointed)
Buss. Mgr.	- Dolly Calvan
Sgt.atArms	- Carlos Tacadino / Macky Coronel
(Appointed)	- Rizal Laforteza,Jr/Colin Porciuncula
	-Romeo Felipe / Manuel Navarro

Nagpahayag ang mga opisyales ng samahan ng mga tindera sa Pamilihang Bayan ng Project 4 Lungsod ng Quezon, na sila ay nahahandang makipagtulungan at sumuporta sa Pamahalaan Lokal at pag-ibayuhin ang pakikipag-isa sa mga mithiin ng ating Kgg. na Mayor Ismael A. Mathay Jr. at ng ating masipag na Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr. Tulad halimbawa ng pagpapanatili ng kalinisan, kagandahan, kasiglahan at kaunlaran sa palengke. Higit sa lahat ay ang pakikipagtulungan upang mapababa ang presyo ng mga bilihin at ibalik ang sigla, tungo sa magandang kinabukasan.



BALIK-SIGLA '98

Ito ang naging pamagat ng Christmas party ng Market Administration Division kasama ang mga kooperatiba at asosasyon ng mga manininda sa mga pamilihang bayan noong ika-18 ng Disyembre.

Ang piging na ito ay isa sa pinakamalaking kaganapan sa City Hall nitong Pasko. Dumating ang City Administrator na si Dr. Manuel S. Alba na nagbigay ng kaniyang pagbati. Ang iba't-ibang pinuno ng Vendor's Cooperative and Association ay dumalo rin.

Naging tampok din sa aktibidad ang mga kandidata ng Mutya ng Pook na nagbigay ng ilang special numbers. Maraming regalo ang naipamigay at ang pagkain ay napakarami dahil sa mga handog ng mga manininda.

Naganap ang party sa may Sunken Garden ng City Hall.

WASTE MANAGEMENT PROJECT LAUNCHED IN CITY HALL

Jonathan Gesmundo

To effectively carry across to Quezon City residents the message and substance of the environment's clean and green program, Mayor Ismael A. Mathay Jr. has taken the lead, by launching an office waste management project at city hall designed to increase employees' productivity and minimize waste of government resources.

Mathay recently created the 17-member waste management committee to implement the waste management project among the various departments and offices at city hall, using the 5'S method.

The committee's working group is tasked to formulate training programs, set up monitoring mechanisms and design habit-building schemes that will ensure proper waste management at city hall.

Mathay directed city hall employees to support the project, thus serve as example to all city residents.

In rallying employees, Mathay said "a clean workshop has been found to account for at least 20% more productivity and that a cluttered office is reflective of a cluttered mind."

Mathay added that more often than not, "a misfiled office document leads to undue delay in the delivery of basic services and in the decision-making process."

All program activities are geared towards achieving:

Cleanliness and order - by inculcating among employees the discipline and practice of cleanliness and order in their respective work areas;

Teamwork - by enchancing cooperation within as well as between different city hall departments / offices in the context of shared responsibility; and

Innovation - by challenging employees to try new, cost efficient and environmet friendly methods of keeping work areas clean and orderly.

By utilizing the 5S method (for Sort, Systematize, Sweep, Sanitize and Self-discipline), Mathay hopes to see city hall offices well organized with unneeded clutter of documents that take up space properly disposed and purged.

The QC Waste Management Committee shall be under the Task Force Clean and Green. Ten facilitators, who shall be elected from designated waste management officers of each department / office, shall become members of the committee. (Source : PAISO)

DEMOLITION IN GALAS

Roger V. Bacaoco

Twelve stalls along Kiosk and Miscellaneous , sections were demolished in Galas Public Market due to illegal dwellings and alteration of original stalls. Four (4) of these twelve stalls had a two floor structure while eight (8) stalls were with extension. The area is now cleared and was subdivided into twenty five (25) semi - permanent stalls.

Affected vendors were given first priority to occupy the area with a maximum of two (2) stalls per vendor. However, they should shoulder the expenses for the repair of the stalls and should do it according to the approved plan of the **Acting Market Administrator**. Repairs are now on - going.

REVOKED STALLS IN SAN JOSE

Regino C. Gaudiel
Mkt. Supervisor

Four (4) stalls were revoked in San Jose Public Market for violation of MMC Ordinance 85-02, particularly for non payment of market fees:

Name	Stall No.	Section
Zuzanne Aguirre	7	Vegetable
Cristina Edelioda	7	Meat
Lorna Li	4	Fish
Dominga Martin	5	Fish

Any interested applicants may apply at the office of the Market Supervisor or in Market Administration Division, Quezon City Hall.

BAGSAK PRESYO NAPAKA - EPEKTIBO

Nagsimula ang bagsak presyo project ni Mayor Mathay sa ilang palengke lamang noong Oktubre. Nagsimula sa gulay at lumawak ang produkto. Nadagdag ang baboy at susunod na ang tilapia. Dahilan dito ang ibang manininda ay napilitang magbaba rin ng presyo. Ang mga sumusunod ang naging kapansin-pansing kaibahan sa presyo (base sa presyo noong simula ng Enero) :

Bahagi ng Baboy	Bagsak Presyo	Presyo sa ibang Palengke	Matitipid
Pigue	P94.50	P110.00	P15.50
Liempo	94.50	110.00	15.50
Porkchop	94.50	110.00	15.50
Kasim	94.50	110.00	15.50
Pitso	94.50	110.00	15.50
S. Ribs	79.50	85.00	5.50
Buto	69.50	75.00	5.50
Pata unahan	79.50	85.00	5.50
hulihan	74.50	80.00	5.50
Atay	94.50	110.00	15.50

CONGRATULATIONS TO THE NEWLY ELECTED OFFICERS OF KAMUNING MKT. VENDOR'S ASSOCIATION

President	Iñigo Basagre
Vice-President	Ruel Alvarez
Secretary	Jocelyn Perea Atienza
Treasurer	Viring Tolentino
Auditor	Sally Labrador
P.R.O	Zenaida Saranilla
Bus. Mgr.	Samuel Chua

BOARD MEMBER

Wilfredo Lee / Jose Bicera
Baby Villena / Cesar Salazar
Nestor Encomienda / Nida Padilla
Leonora Mendoza/ Alfredo Sangalang
Josephine Jimenez/Josie Sahagun

MARKET COLLECTIONS
CY-98

PARTICULAR	NOVEMBER	DECEMBER	TOTAL (YTD)
FRISCO	P 59,433.91	P 61,166.29	P 61,166.29
GALAS	154,207.90	208,423.05	1,969,339.48
KAMUNING	195,048.35	203,624.11	2,485,004.06
MURPHY	115,832.66	97,126.78	1,298,070.12
PROJECT 2	13,413.70	15,497.21	198,460.99
PROJECT 4	52,634.65	58,324.25	651,513.55
ROXAS	33,153.97	25,355.75	313,088.67
SAN JOSE	11,204.25	10,576.00	139,481.25
GRAND TOTAL	P 634,929.39	P 680,093.44	P 7,766,285.48

YTD: YEAR - TO –DATE (Source : City Treasurer's Office)

Sa Lahat ng Kinauukulang Manininda Pamilihang bayan ng Lungsod Quezon

Alinsunod sa Sec. 67, Article 21 ng 1993 Quezon City Revenue Code (Business Permit) ay ipinaaalam po namin sa inyo ang mga *hakbang* at mga kailangan para sa pagkuha ng pahintulot sa pagtitinda (Business Permit);

1. Indibidwal na magbayad ng buwis ayon sa inihayag na taunang benta sa loob ng unang dalawampung (20) araw ng Enero 1999* sa Tanggapan ng Ingat Yaman upang maiwasan ang pagmumulta;
2. Kumuha ng mga sumusunod sa inyong market supervisor :
   a. Katibayan (certification) galing sa Pangasiwaan ng mga Pamilihang Bayan (Market Administration Division)
   b. Aplikasyon para sa pagbabago (renewal) ng Business permit at sagutin ang mga hinihinging impormasyon nito.
3. Kumuha ng Barangay Clearance sa inyong Barangay.
4. Ilakip ang mga sumusunod sa aplikasyon para sa pagkuha ng pahintulot :
   a. Katibayan galing sa pangasiwaan ng mga Pamilihang Bayan.
   b. Barangay Clearance
   c. Dating aplikasyon
   d. Resibo ng pinagbayarang buwis base sa unang hakbang.
5. Isumite sa Market Supervisor ang inyong sinagutang aplikasyon kalakip ang mga hinihingi ng hakbang apat (4).
6. Isusumite ng Market Supervisor ang mga aplikasyon para sa pagpapabago ng Business Permit sa tanggapan ng Business Permits and Licensing Office (BPLO) nang sabay-sabay o ayon sa pangkat. Ang tanggapan ng BPLO ang siyang magproproseso ng mga aplikasyon.
7. Maghintay na maibigay ng BPLO ang mga pahintulot at ang mga "businness plates" sa Market Supervisor at kunin sa takdang panahon
8. Ilagay sa isang lantad na lugar ang inyong "businness plate" kasama ang "business permit".

Upang lubos namin kayong matulungan at para sa iba pang katanungan o kailangan sa pagkuha ng pahintulot sa pagtitinda ay makipag-ugnayan lamang sa Market Supervisor III sa inyong palengke.

Pinaalalhanan din ang mga manininda na kinakailangan munang ipakita na malinis ang kanilang paligid bago sila mabigyan ng clearance.

TEODORO C. REY, JR.
Acting Market Administrator

*May palugit hanggang Pebrero 15, 1999.

Murphy Public Market
PUWESTO NA GINAGAWANG TIRAHAN GINIBA NA

JOSE GUEVARRA
Market Supervisor III
MARCELO G. GONZALES
Market Supervisor II

Totoo nga ang kasabihan na "ma buhay pagkaraan" na makonde ang Murphy Public Market. Subali hindi naging madali ang mga hakbangi ginawa upang mabigyan ito ng katuparan

Dito sa palengke ng Murphy ma ilang taon ang nagdaan, ang ilan sa ati mga stallholders ay nawawalan na ng pag-asa sa dahilang maraming puwest ang sarado at ang ilan dito a ginagawang tirahan. Subalit ito nakalipas na mga araw, sa pangangasiwa ni Mr. Teodoro C. Rey, Jr. ay maramin puwesto na ginagawang tirahan an giniba hanggang matapos ang taon 199 Sa kasalukuyan tuluy-tuloy an pagsasaayos ng mga tindera sa kanilan mga puwesto. Kaya't ang palengke n Murphy ay nagkaroon muli ng buhay a mas nagiging maayos.

AGORA NEWS

Agora News is published monthly by the Market Administration Division of Quezon City. It is available free of charge. Please send in your article contributions to the Editorial Staff at the address below.

Dr. Manuel S. Alba
Chairman, Editorial Board

Teodoro C. Rey, Jr.
Editor-In-Chief

Leslie T. Villorente
Managing Editor

Manuel B.Dela Cruz
Encoder/ Lay-out Artist

Ernie D. Patawaran
Artist

Richie Rayos
Photographer

Mailing Address :
Editor-In-Chief, AgoraNews
Market Administration Division
G/F Quezon City Hall, Q.C.
Tel. 924-63-13 / 924-63-06

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 2 No. 5 | Monthly Newsletter | May 1999

BINIGYAN PA NG PALUGIT PARA SA I.D.

Nagbigay pa ng kaunting palugit si G. Teddy Rey sa mga hindi pa nakakasumite ng kanilang "information sheet" para sa I.D. hanggang katapusan ng Hunyo. Ito ay inihayag ni G. Rey sa kalagitnaan ng mga ulat na magpahanggang ngayon ay marami pa ang di tumutugon sa mga hinihinging kailangan upang magkaroon ng I.D.

Tinatayang lalabas ang I.D. sa bandang Agosto 19, at itatapat sa Araw ni Quezon. Inaasahang lahat ay magkakaroon ng I.D.

IILAWAN PALIBOT NG FRISCO

Ibinalita ni Brgy. Captain Gualberto Casaje ng Barangay Damayan, Area 2, Quezon City, na ang kanilang konseho ay maglalagay ng mga ilaw sa palibot na daan ng palengke ng Frisco. Ito ay kanyang ipinahayag noong pulungin ni G. Rey ang mga kawani ng Market Administration Division sa Pamilihang Bayan ng Frisco.

Humiling naman si Elmer Ferran, Market Supervisor ng Frisco, kay G. Rey ng pag-flushing sa baradong drainage ng Frisco.

455 NA PUWESTO IGINAWAD NI MAYOR MEL MATHAY



Inaabot ni Mayor Mel Mathay kay Gng. Teresita Virola, Pangulo ng Proj. 2 Vendors Assn. & Coop. ang mga pansamantalang gawad sa mga manininda ng Proj. 2 na kalahok sa "*Legitimization Program*". Katulong ni Mayor sa pagbibigay gawad si Cong. Rey Calalay at sina Councilors Wilma Sarino at Beth Delarmente.

Isinagawa ang pagbibigay ng pansamantalang gawad sa 455 katao na naging lehitimong manininda sa walong palengke ng pamahalaang lungsod noong ika-13 ng Mayo 1999. Pinangunahan ni Kgg. Mayor Ismael A. Mathay, Jr. at ni City Administrator, Dr. Manuel S. Alba ang paggagawad. Ayon kay Mayor Mathay, ang pagiging lehitimo ng mga manininda ay naisagawa dahil aabutin ng matagal at mahabang proseso kung iisa-isahin ang naging problema ng bawa't pwesto kaya't minabuting paikliin ang proseso. Ang mga arrears ng mga aplikante ay hiniling na bayaran na muna. Dahilan dito, tinatayang tataas ang magiging koleksyon ng Market Administration Divison.

Dagdag pa dito sa loob ng tatlong (3) buwan na palugit ay kinakailangang tupdin ang lahat ng mga panuntunan ng palengke at kumuha ng iba pang mga permiso tulad ng: business permit, health certificate, sanitary permit, sa mga hahawak ng pagkain at ID para sa manininda at katulong. Gayundin, kailangang magbayad sila ng tatlong (3) buwang paunang bayad sa renta.

Pina-aalahanan ni G. Rey ang lahat ng mga tumanggap ng pansamantalang gawad na sila ay binibigyan ng hanggang ika-13 ng Agosto upang tuparin ang lahat ng mga kinakailangan bago ibigay ang gawad kontrata.

☆STAR AWARDS ☆
for the month of May

1.	Oliver Lasco	Murphy
2.	Ramon Santos	Murphy
3.	Richie Rayos	Murphy
4.	Rommel Martinez	Murphy
5.	Cecilio Torres	Murphy
6.	Felipe Selda	Murphy
7.	Romeo Barbasina	Murphy
8.	Bernardo Pineda	Murphy
9.	Alberto Supeña	Murphy
10.	Elmer Ferran	Frisco
11.	Rodolfo Racca	Frisco
12.	Roberto Domingo	Frisco
13.	Marcellana Vergara	Frisco
14.	Glorio Cuison	Frisco
15.	Michael Sanchez	Frisco
16.	Duran Conrado	Frisco
17.	Regino Gaudiel	Roxas
18.	Modesto Salansang	Roxas
19.	Julius Chua	Roxas
20.	Alfredo Constantino	Roxas
21.	Anacleto Castillo	Roxas
22.	Rolando Margallo	Roxas
23.	Rita Cortez	San Jose
24.	Antonio Ignacio	San Jose
25.	Nestor Galura	San Jose
26.	Guillermo Olegario	San Jose
27.	Lydia Guimarangan	San Jose
28.	Manuel Tan	Proj. 4
29.	Wilfredo Mariñas	Proj. 4
30.	Mario Garong	Proj. 4
31.	Jose Guevarra	Proj. 2
32.	Angel Bernardo	Proj. 2
33.	Carmencita Gomez	Proj. 2
34.	Domingo Tolentino	Kamuning
35.	Daniel Sanchez	Kamuning
36.	Rogelio Bacaoco	Galas
38.	Arsenio Ortega	Galas
39.	Francisco Maravilla	Galas
40.	Francisco Somcio	Galas
41.	Carlo Galura	Galas
42.	Eduardo Bainto	Galas

MUTYA ISKOLAR NA NGAYON



Michelle Padillon



Marilou Pampilon

Pinalad na magawaran ng iskolarship sina Michelle Padillon, Mutya ng Roxas at si Marilou Pampilon, Mutya ng San Jose, mula sa *Scholarship for Youth Development Program (SYDP)* ng Pamahalang Lungsod. Si Pampilon ay nag-aaral ngayon sa Far Eastern University (FEU), kumukuha ng pagka-accountant, samantalang si Padillon ay nag-aaral sa Lyceum of the Philippines ng Tourism.

Sumulat naman si Marlene Tan, nakoronahang Mutya ng Pook '98, na ipagpapaliban muna niya ang kanyang pag-aaral sa susunod na pasukan. Isa sa mga biyayang tinamo ni Marlene Tan ay iskolarship mula sa SYDP. ☺

NAG-UMPISA NA ANG KAMUNING

Kung tayo ay dadako sa Kamuning Public Market makikita natin ang mga pagbabagong nagaganap dito. Nagkaroon ng "repainting" ng mga gate at pagsasaayos ng mga Fruit Stand sa tabi nito. At kung tayo ay tutuloy sa loob ng opisina ng market supervisor ang haharap sa atin ay ang bagong anyo na nais ding ipatupad ng OIC-Supervisor na si G. Jose Chua sa kabuuan ng palengke ng Kamuning.

Upang ito ay maipatupad naglungsad ng "information dissemination and cleanliness campaign" ang nasabing opisina. Sa pamamagitan ng PA system ng palengke ay ipinaabot sa mga kinauukulan ang mga umiiral na batas ng Market Code at binibigyan din ang manininda ng paalala para sa kalinisan ng kani-kanilang stalls.

Ito ay araw-araw na ginagawa ng mga guwardiya na detailed sa loob ng opisina. Masugid ring sinusubaybayan at iniinspeksyon ang paligid ng palengke para maiwasan ang pagkakalat ng basura.

Binabantayan din ang pagtatapon ng basura sa gabi ng mga taga-labas ng palengke sa ilog at likurang bahagi ng palengke.

Ang mga cleaners naman ay masugid ding pinaiiral ang kalinisan sa paligid sa oras ng kanilang mga duty. Dahil dito hindi katakataka na ang Kamuning ay maging isa sa pinakamalinis na palengke sa Q.C. ☺

TUBO NG PALIKURAN NAAYOS DIN !

Nagawa na rin ang sirang tubo sa palikuran ng palengke ng Roxas. Ito ang binalita ni G. Regino Gaudiel, Market Supervisor ng Roxas Public Market. Humiling din si Gaudiel ng karagdagang mga yero para sa mga sirang bubungan ng palengke. ☺

PROJECT 2 INASPALTUHAN

Nag-ulat si G. Jose Guevarra, Market Supervisor ng Project 2, na nalagyan na ng aspalto at pinantay na ang sahig ng palengke. Dinagdag pa niya na sira na ang alulod sa tapat ng gulayan at ang kanal naman ay nagbabara. Kaya't inatasan ni G. Rey ang maintenance group na ayusin ang mga ito. ☺

"Let us not leave things to chance.
Let's manage."

- Teodoro C. Rey, Jr.

OPISINA NG BOC AT CPDO NADAGDAG SA CITY LEVEL

Nadagdag ang Barangay Operation Center (BOC) at ang City Planning & Development Office (CPDO) sa City Level Market Management Committee. Ang nakbang na ito ay isinagawa upang palawakin ang mga opisinang makakatuwang ng Market Administration Division sa pagharap sa iba't-ibang suliranin ng palengke. Ang BOC ang nagmomonitor sa opisyal ng Barangay na di tumutupad sa pagpapa-alis ng mga ilegal na manininda at sa iba pang mga tungkulin ng mga barangay. Ang City Planning naman ay may nakayanang pag-aralan kung "feasible" ang isang proyekto, tulad ng mga development plans para sa Murphy at Kamuning Public Markets. Ang BOC ay pinamumunuan ni G. Albert Seno at ang CPDO ay sa pangunguna ni Arch. Gerardo Magat.

Sa isang pagpupulong ng City Level Market Management Committee, napagkasunduan na magtayo ng isang Law Enforcement Team laban sa mga ilegal na pagtitinda, ipinagbabawal na gamot, mga ilegal na istraktura, pati na ang pagsusugal at ang bagansiya. ☺

MURPHY MALAKI ANG IPINAGBAGO DAHIL SA NAPAKAHUSAY AT ULIRANG PANGULO NG MGA MANININDA



LIWAYWAY FORTE

Masasabing isang ulirang pinuno si *Liwayway Forte*, ang Pangulo ng Asosasyon ng Mga Manininda sa Pamilihang Bayan ng Murphy at sa kalakhang Lungsod Quezon, dahil sa ipinamalas niyang kahusayan sa pagpapatupad ng mga proyektong nagpapaunlad sa Palengke ng Murphy. Ang mga proyektong ito ay ang mga sumusunod: muling pagpipinta ng harapan ng palengke; paglalagay ng mga bakal na bakuran/tarangkahan; ang lubos na kalinisan; ang pag-alis ng dumpsite; ang magandang tanawin ng mga halaman sa harap; pagpapalapad ng harapan ng palengke; pagpapapinta ng pangalan ng palengke; pagkontrol ng tubig kung saan ang metro ay pinapatay tuwing 12 n.h. hanggang 4 n.h.; ang paggiba ng mga ilegal na istraktura; at marami pang ibang tulong na kanyang isinagawa upang umunlad ang Murphy.

Dahil dito ay pinuri ni G. Rey si Gng. Forte sa miting na ginanap noong Mayo 7 sa Murphy. Sa tuwing darating si G. Rey sa Murphy ay nagiging at home na siya kaagad. Malaki nga ang ipinagbago ng Murphy. Animo ay may isang bagong palengke na itinayo dahil sa nakakaakit tingnan ang harapan nito.

Ayon kay G. Rey, tinatayang higit sa P 100,000.00 ang magagastos dito kung ang pamahalaang lungsod ang nag-ako nito. Subalit sa pakikipagtulungan ng mga manininda at matiyagang pagpupunyagi ni Aling Liway, kapansin-pansin ang mga pagbabagong naipatupad niya. Malaki ang natipid ng pamahalaan.

Sinabi pa ni G. Rey na isa itong modelong palengke na dapat pamarisan. *Kudos kay Aling Liway at sa Murphy Market Staff.* ☺



Tumanggap ng gawad si Liwayway Forte para sa mga pagbabago sa Murphy Public Market mula Kay Mayor Ismael A. Mathay, Jr., Nakamasid si Coun. Julian Coseteng at Sina Tinay Santiago ng Proj. 4. at Virginia Reyes ng San Jose.

MARKET COLLECTION FOR THE MONTH OF MAY 1999

MARKET	MAY	TOTAL FOR THE PERIOD JAN-MAY
FRISCO	P 89,706.79	P 324,318.94
GALAS	231,763.40	907,461.34
KAMUNING	249,887.20	1,112,206.76
MURPHY	169,398.29	636,584.09
PROJECT 2	26,241.35	98,116.07
PROJECT 4	79,186.15	301,509.25
ROXAS	55,415.50	171,016.75
SAN JOSE	24,563.45	77,399.55
GRAND TOTAL	P 926,162.13	P 3,628,612.75

* SOURCE: *City Treasurer's Office*

ORIG NG MURPHY, NAGPAKITANG GILAS

nila:



Oliver Lasco

at



Richie Rayos

Bagamat patuloy ang renobasyon at pagsasaayos ng mga pamilihang bayan sa lungsod, masasabing kakaiba at kahanga-hanga ang sama-sama nilang buhayin ang dating walang silbing palikuran sa nasabing palengke.

Dala marahil ng matinding hangarin na makatulong, pinangunahan ni G. Macario Brucal at ng ilang miyembro ng Volunteer Brigade ang pag-aalis ng deposito sa nasabing palikuran gayundin ang pagsasaayos ng bubungan at loob nito.

Kaugnay nito, binabalak din ng mga taga-Murphy Market na magkaroon ng magandang sistema ng patubig na makapagbigay ng sapat na gamit ng tubig para dito.

Ang proyektong nabanggit ay buong pusong sinusuportahan ng Murphy Market Administration, Murphy Market Vendors Association, at ang Murphy Development Cooperative (MURDECO). ☺

BUBONG NG PROJECT 4 MAPANGANIB

Nangangamba si G. Manuel Tan, OIC-Market Supervisor ng Project 4 Public Market dahil sa peligrosong mga bubong ng palengke pagka't hindi daw masusi ang pagkakabit ng mga ito. Ito din ang obserbasyon ng ibang mga manininda na maaring pagmulan ng aksidente kung may malakas na hangin.

Sinabi ni G. Rey na ilang beses na nilang tinawag ang pansin ni Kgg. Mike Defensor na siyang nagpagawa ng naturang proyekto. ☺

AGORA NEWS

AGORA NEWS is published monthly by the Market Administration Division of Quezon City. It is available free of charge. Please send in your article contributions to the Editorial Staff at the address below:

Dr. Manuel S. Alba
Chairman/Editorial Board

Teodoro C. Rey, Jr.
Edito-In-Chief

Leslie T. Villorente
Managing Editor

Manuel D. Dela Cruz
Encoder

Ernie D. Patawaran
Artist

Richie Rayos
Photographer

Mailing Address:
Editor-In-Chief, Agora News
Market Administration Division
G/F Quezon City Hall,
Quezon City

☎ 924-63-13/06
FAX NO: 924-63-12

AGORA NEWS

A Publication of the Market Administration Division, Quezon City

Vol. 2 No. 7 | Monthly Newsletter | July 1999

MGA PUNONG BARANGAY NAGPULONG HINGIL SA ILLEGAL VENDING

Nakipulong si G. Rey sa mga Punong Barangay na sumasakop sa mga pamilihang bayan ng Lungsod ng Quezon. Layon ng pagpupulong na magkatulungan sa paghahanap ng solusyon sa ilang problema ng mga palengke at gawin silang bihasa sa pinag-uutos o ipinaiiral na batas sa mga palengke, ang Market Code, MMDA Ordinance 85-02. Binigyan ang bawat isa ng sipi ng Market Code at ng 1993 Revenue Code.

Naging panauhin din sina Executive Judge Gregorio Dayrit ng MTC at P/Col. Arturo Cacdac ng Central Police District Command. Sinabi ni Judge Dayrit na ang dapat gamitin ng mga pulis sa pagsampa ng kaso sa mga ilegal na manininda ay ang violation ng Revenue Code (Sec. 67, Article 21) o kawalan ng business permit na may pina na di bababa sa P1,000.00. Kung sila'y mahuhuli ng higit sa 2 beses ay puwede na silang makulong ng isa hanggang anim na buwan.

Nasiyahan naman ang mga kapitan sa "powerpoint" na presentasyon ni G. Rey sa mga pagbabago ng ating mga palengke. Ang pinakamalaking balita ay makaabot na ng halos isang milyon ang koleksiyon sa buwan ng Mayo.

Binigyang diin ni G. Rey at hiningan ng tulong ang mga barangay sa pagsugpo ng mga sumusunod: ilegal na manininda sa loob ng 200 metro mula sa palengke; mga nagtutulak at gumagamit ng masamang droga; mga maninindang nagkakalat ng dumi/basura; at mga illegal water. (*Sundan sa pahina 7*)

Q.C. SHIFTS TO REHAB AND PRICE MONITORING



Quezon City Mayor Ismael A. Mathay, Jr. is joined by Trade and Industry Undersecretary Zenaida Maglaya in checking prices of prime commodities at the Muñoz Market in Q.C. Mathay undertook a market inspection immediately after floodwaters subsided in Q.C. to protect consumers from unscrupulous traders. Also in photo is QC Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr..

The Quezon City government has shifted efforts to rehabilitation and monitoring market prices after all floodwaters throughout the city subsided when the La Mesa Dam water level returned to 80.04 meters.

Team of engineers from the Q.C. Engineering Department have been dispatched to patch up city roads damaged by floodwaters. Initial road rehabilitation started at the city's District 2, particularly Sauyo Road, Dahlia and Camaro Streets in Fairview. Mayor Ismael A. Mathay, Jr. earlier directed QC engineers to conduct immediate assessment of the extent of damage to roads and other public infrastructures.

The QC Disaster Coordinating Council received no report of damage to any of the city's public schools, many of which were used as evacuation centers.

Meanwhile, Mayor Mathay was at the Muñoz Market checking prices of basic goods. Joined by Trade and Industry Undersecretary Zenaida Maglaya and QC Acting Market Administrator Teodoro C. Rey, Jr., the Mayor found prices of various prime commodities well within the ceiling set by DTI.

The Mayor corrected reports on the ill-effects of the La Mesa Dam spillover as shown by minimal damage to lives and properties of residents along the Tullahan River. Mathay said the 60-year-old dam has a natural spilling system that prevents destructive water spillover. ***(Turn to page 2)***

MURPHY LALAGYAN NG SKYLIGHT

Inatasan ni G. Rey si Quirino De Gana, pinuno ng Maintenance Unit, na maglagay ng skylight sa may karnehan ng Murphy Public Market upang maging maliwanag ang naturang lugar. Humiling naman ang OIC Market Supervisor ng Murphy na si Oliver Lasco ng mga bota, kapote at flashlight para sa mga guwardiya lalo na sa panahon ng tag-ulan at blackout.

MGA PASILYO NG FRISCO AT ROXAS INILAWAN



GINO GAUDIEL



ELMER FERRAN

Binalita ni Elmer Ferran, Market Supervisor ng Frisco Public Market ang ginawang paglalagay ng mga ilaw sa mga kanto ng pasilyo nito upang magliwanag sa loob ng palengke. Ganun din ang ginawa ni Regino Gaudiel, Market Supervisor sa Roxas Public Market. Nagboluntaryong naglagay ang mga manininda para sa ikagaganda ng palengke.

BAGONG TAUHAN NG MARKET DIVISION

Dahil sa kakulangan ng mga guwardiya at iba pang tauhan sa Market Administration Divison, ang mga sumusunod ay nadagdag: **Robert Ferrer,** *Market Inspector I at Pinuno ng Monitoring Team;* **Arsenio Ortega,** *Sec. Guard III;* **Honorato Roman Calimbayan III,** *Sec. Guard II;* **Rogelio Mijares,** *Sec. Guard II;* **Carlito Gabayan,** *Carpenter II;* **Rodolfo Espiritu,** *Laborer II;*

(Sundan sa pahina 8)

TASK FORCE BAYANIHAN NAGSAGAWA NG DECLOGGING SA MURPHY



REYNALDO N. ARAGON

Inireport ni Oliver Lasco, OIC Market Supervisor ng Murphy Public Market, na nagsagawa ng declogging ang Task Force Bayanihan sa harapan ng palengke. Ginamitan ng tinatawag na "Street Sewer Jet" ang kanal upang mabilis na matanggal ang mga bara dala ng maraming buhangin. Naging matagumpay naman ang isinagawang operasyon.

18 PUMASA SA MMDA "FIRST AID" TRAINING

Ang MMDA Directorate for Special Operation's, Metro Rescue, na pinamumunuan ni Dir. Ramon Santiago ay nagsagawa ng *"Basic Emergency Responder's Course"* sa mga tauhan ng Market Administration Division. Ito'y isang uri ng First Aid Training bilang paunang pagliligtas sa mga biktima ng anumang sakuna. Ang mga sumusunod na tauhan ang matagumpay na nakapagtapos: *Eduardo Bainto, Angel Bernardo, Rita Cortez, Menandro Delos Angeles, Roberto Domingo, Elmer Ferran, Honorato Galura, Regino Gaudiel, Antonio Ignacio, Jose Rommel Martinez, Erwin Mationg, Rogelio Mijares, Gloria Morales, Danilo Palintinos, George Serrano, Domingo Tolentino, Cecilio Francisco Torres at Glenford Venturina.*



ISINAMA NA SA MARKET DIVISION ANG TASK FORCE ON MARKETS AND SLAUGHTERHOUSES

Base sa pinirmahang Executive Order Blg. 6 ni Mayor Mathay noong Hulyo 14, 1999, ang Task Force on Markets and Slaughterhouses ay ipinasasama na sa Market Administration Division at ipinaiilalim kay G. Teodoro Rey, Jr. Ito ang pinakabuod ng EO Blg.6. Layon ng Punong Lungsod na mapataas pa ang nakokolektang mga buwis mula sa pagkakatay ng mga baboy, baka, kambing at manok.

Ang Task Force on Market and Slaughterhouses ay binuo sa pamamagitan ng Executive Order No. 11. Ang opisinang ito ay binigyang karapatang mag-monitor ng mga hot meat o mga kinatay na karne na walang permiso mula sa City Veterinarian o ng NMIC (National Meat Inspection Commission).

30% NG MGA ID NAIPALABAS NA

May 30% na ng mga ID para sa mga manininda ang naipamigay ng Market Administration Division. Ito ang nakalap na balita mula sa staff miting noong Hulyo 23, 1999. Ang 20% pa ay tinatayang matatapos sa Agosto 19, 1999 sa Araw ni Quezon. Ang mga palengke na naisyuhan na ay ang Roxas, San Jose at Frisco.

QC SHIFTS TO .....(From Page 1)

A total of 56 evacuation centers were set up by the city government at the height of the Metro-wide flooding and the La Mesa Dam overspill, accommodating a maximum of 3,708 families.

The QC-SSDD counted a total of 4,484 families affected by floodwater that were given various forms of assistance.

MANININDA SUMANG-AYON SA BAGONG PAG-UURI NG PALENGKE

Sa isang espesyal na pagpupulong noong Hulyo 21, 1999 kinausap na muli ni G. Teodoro C. Rey, Jr. ang mga pinuno ng mga asosasyon ng mga manininda sa pangunguna ni Gng. Liwayway Forte, ang pangulo ng pederasyon sa kalakhang Lungsod Quezon, hinggil sa bagong pag-uuri ng mga palengke at ang kaukulang renta nito. Sa ipinalabas na memorandum ni Mayor Mathay ang mga palengkeng tulad ng Galas, Kamuning at Murphy ay gagawin nang Class "A;" habang ang Frisco at Project 4 ay Class "B;" at ang palengke ng Project 2, Roxas at San Jose ay mananatiling Class "C."

Naging maganda naman ang usapan at pumayag ang mga manininda sa proposal na magtaas ng renta dahil malinaw ang sinasaad ng Market Code. Ang mga palengkeng kumikita ng P60,000.00 o higit pa sa isang buwan ay matatawag na Class "A," ang P30,000.00 kita ng palengke buwan-buwan ngunit di hihigit sa P60,000.00 ay gagawing Class "B," at kung bababa sa P30,000.00 buwan-buwan ay Class "C." Ayon sa pag-aaral ang magiging upa bawa't metro kuwadrado bawa't buwan ay ang mga sumusunod:

Hanay	A (Galas, Kamuning, Murphy)	B (Frisco, Project 4)	C (Dating uri ng palengke Project 2, Roxas, San Jose
Karnehan	P70	P60	P50
Isdaan	70	60	50
Gulayan	50	40	30
Kainan	45	35	25
Sari-Sari/ Telahan	45	35	25
Iba pa	70	60	50

Iniulat ni G. Rey na napakagaan ng bagong renta sa upa pagkat mayroon diyan na ang dagdag ng bawa't buwan ay P30 o piso lamang bawa't araw.

Sisimulan ang pagpapatupad ng bagong uri sa Agosto 1, 1999. Tinatayang makakatulong ito sa pagtaas ng koleksiyon sa mga palengke.

HEALTH DEPARTMENT NAKIPAGTULUNGAN



Dra. Zenaida S. Escaño, Acting City Health Officer

Pumayag si Dra. Zenaida S. Escaño, Acting Head ng City Health Department na magsagawa ng HIV/AIDS Seminar sa bawa't palengke upang di na mahirapan pa ang ating mga manininda sa pagkuha ng Health Certificates.

Ang sino mang nakakuha na ng seminar noong isang taon ay kailangan lamang na ipakita ang kanilang 1998 Health Certificate.

May mga Health Centers na ngayon na may kakayahang magsuri ng mga stool and sputum specimens o laboratoryo. Kaya't di na kailangan pang pumila ng mahaba sa City Hall. Ang pinakamalapit na Health Centers sa ating mga palengke ay sa Kamuning at sa Veteran's Village, Project 7.

Ang Health Certfiicate ay kinakailangan para sa mga manggagawa/tindero o tindera ng palengke. Ito din ay kailangan para sa pagkuha ng Mayor's permit. At para naman sa mga may kainan, ang Health Certficate ay prerequisite bago makakuha ng Sanitary Permit.

ILEGAL NA MANININDA NAGLIPANA SA K-5TH AT KANLAON



Brgy. Captain Olivia Flor M. Chico

Nagkalat na naman ang mga ilegal na manininda sa kalye ng K-5th at Ermin Garcia sa Kamuning, gayon din sa may Kanlaon St., Brgy. Sta. Teresita. Kaya't tinawag ni G. Rey ang pansin ni P/Col. Arturo G. Cacdac, Chief of Directorial Staff ng CPDC, base sa mga liham ni Brgy. Captain Olivia Flor Chico ng Brgy. Sta. Teresita at ni G. Joe Chua, OIC ng Kamuning Public Market, upang malipol ang mga ito.

Ayon kay Kapitana Chico, ang pagdami ng mga ilegal na manininda ay nagiging sanhi ng mabigat na trapiko sa lugar na iyon lalo na sa peak hours. Halos inuukupahan na nila mismo ang mga kalye. Ito ay hindi na maganda para sa sanidad o kalinisan ng paligid dulot ng mga dumi at kalat ng mga ilegal na manininda na lubhang nakaka-perwisyo sa mga taong bayan.

Umaasa si Kapitana Chico na mabilis itong mabibigyan ng kaukulang solusyon.

ORDINANCE No. SP-773, PROHIBITS THE USE OF INCANDESCENT BULBS



Mayor Ismael A. Mathay, Jr. has signed into law Ordinance No. SP-773, Series of 1999, which was passed by the City Council. The Ordinance prohibits the use of incandescent bulbs in the wet market. These prohibition includes the use of reflectorized materials that produces a yellowish or colored glow on the fresh fish, meat and poultry products that deceive consumers to think the products are fresh. The Ordinance covers all public and private markets, flea markets, talipapa stalls and other similar establishments selling fresh vegetables, fish and/or meat.

For the 1st offense, violators will pay a fine of P 500; P 1,000 for the 2nd offense; and revocation of Business Permit and Awards of stallholders in the public market for the 3rd offense.

The Market Administration Division was tasked to implement and enforce the ordinance and shall recommend the revocation of business permit to the Business Permits and Licensing Office (BPLO).

The Ordinance was introduced by Councilors Daza, Sarino, Medina and Coseteng, the Chairman of the Committee on Markets and Slaughter-houses.

PRECINCT 2, BRGY. SAN ROQUE REPORTS ON ACCOMPLISHMENTS



P/Major Antonio Bartolome

Police Major Antonio Bartolome, Commander of Police Community Precinct No. 2, Barangay San Roque, recently reported to the acting market administrator his unit's operational accomplishments against various forms of illegal activities inside the Murphy Public Market:

1. The arrest of **MACARIO BROCAL y MALABANAN, FELIX ALCANTARA y MASUPIL and FEDERICO PARIENTE y MALABA** all market vendors for violation of PD 1602 (illegal gambling) on June 25, 1999. The case is already filed in court with a recommended bail of P 10,000.
2. The apprehension of **GEORGE MANLANGIT y ORLANDIA** on June 22, 1999 for attempted homicide and direct assault to a person in authority. The case is already filed in court.
3. The arrest of **NESTOR ABARONDA y CADIZ *a.k.a. "KUNTIL"*** on May 22, 1999 for violation of R.A. 6245, Sec. 16 (Possession of Prohibited Drugs). Recovered from the subject were 0.10 grams of Metamphetamine Hydrochloride otherwise known as "Shabu". The case is already filed in court with a recommended bail of P 60,000.00.
4. The arrest of **TERESA MOLINA y DOMINGO** for violation of R.A. 6245 during a Drug Buy-Bust Operations conducted on April 22, 1999 inside the Murphy Public Market. Recovered from the subject were 0.05 grams of Metamphetamine Hydrocloride *"shabu" and One (Sundan sa pahina 7)*

A & H GOES TO MARKET

The Philippine American Life and General Insurance Company (PHILAM LIFE) is giving a special offer of Accidents and Health Insurance for all Market Vendors/Stallowners ("A&H Goes to Market " Program) at a minimal premium of P 1,000.00 per year or P 2.70/day.

The insured person will have an accident coverage of P 200,000.00 and a medical reimbursement of P 10,000.00. Other benefits include: *Accident Death and Disablement; Permanent & Total Disability Indemnity; Special Major Accidental Dismemberment & Loss of Use Coverage; Special Compassionate Benefit; Renewal Bonus; Murder & Assault Benefit; & Medical Reimbursement.*

REPAIR NG DRAINAGE PRAYORIDAD SA TAONG 2000

Nagpagawa si G. Rey ng isang pag-aaral tungkol sa magiging disenyo ng mga drainage sa malalaking palengke tulad ng Kamuning at Murphy. Sinabi niya na mas mabuting gumamit na lamang ng open canal. Ang kanyang technical group ang siyang naatasang magsagawa ng pag-aaral. Dagdag pa dito ay sinabi ni G. Rey na sa susunod na taon ay bibigyan ng prayoridad ang mga repair ng drainage.

MARKET COLLECTION
For the JULY 1999

MARKET	JULY 1999
FRISCO	P 53,838.21
GALAS	140,840.65
KAMUNING	205,529.65
MURPHY	102,697.29
PROJECT 2	22,766.05
PROJECT 4	50,270.25
ROXAS	22,610.90
SAN JOSE	15,592.55
TOTAL	**P 614,145.55**

SOURCE: Market Collection Section, City Treasurer's Office

PAMAMAHALA NG PALENGKE SA Q.C. HINANGAAN

Isa sa dalawang napili na magbigay ng presentasyon sa komprehensibong "Training Seminar-Workshop on Public Market Management" noong Hunyo 14 ay ang Quezon City na ginanap sa Philippine Village Hotel. Ang isa pa ay ang Marikina. Si G. Rey ang isa sa maging tampok na tagapagsalita . Ang seminar-workshop ay pinangunahan ng WORLD BANK sa pakikipag-isa ng PREMIUMED, Local Government Academy (LGA) at ng Municipal Training Program. Ito ay pinamahalaan ng ***Landseatre Resources and Management Corporation.***

Inilahad ni G. Rey ang buong kalagayan ng mga palengke sa Quezon City sa pamamagitan ng isang "powerpoint presentation". Ayon sa ulat, malaki na ang ipinagbago ng mga palengke tulad ng pagtaas ng koleksiyon na umabot na sa higit kuyam na daang libong piso noong Mayo; ang magandang ugnayan ng pamahalaan at mga asosasyon/kooperatiba ng manininda; ang pagka-alis ng mga dumpsite, ilegal na manininda at sidewalk vendors; at iba pang nakapaloob sa Balik Sigla Program ni Mayor Ismael A. Mathay, Jr.

Ang pag-uusap at mga dialogo ng Pamahalaang Lungsod at mga manininda ay nakatulong din sa pagbabago ng pamamalakad sa mga pamilihang bayan. Nakatulong din ang paglikha ng Market Management Committee kung saan ang iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan at ang mga manininda ay nagtutulong-tulong sa paggawa ng solusyon sa mga problema.

Dumalo din mula sa ibang pamahalaang lokal ang mga tresurero, market administrators at Mayors.

NEW OFFICERS OF FRIMAVAS

The Frisco Market Vendors Association (FRIMAVAS) held its election of new set of officers last July 11, 1999 who will hold office for the year 1999-2000. The result was:

Jojo Tuazon	-	President
Rufina Ramos	-	Vice-President
Aurora Gonzalez	-	Secretary
Martina Caliboso	-	Treasurer
Ernesto Arcangel	-	Auditor & Adviser

BOARD OF DIRECTORS

Alex Chua	Mary Ann Salcedo
Teresita Ribo	Luisito Sobiena
Sonia Quizon	Geronimo Pizzaro



FRIMAVAS GROUP PICTURE

Seated from left: Mrs. Rufina Ramos, VP; Mr. Elmer Ferran, Market Supervisor; Mr. Teddy Rey, Mkt. Administrator; Cong. Rey Calalay, Jojo Tuazon, President; Brgy. Capt. Gualberto Casaje; Sonia Quizon, Director. Standing from left: Mkt. Guard Rodolfo Racca; Mkt. Guard Roberto Domingo; Mr. Alex Chua, Director; Mr. Luisito Sobiena, Director; Mrs. Cristina Dimayuga, PRO; Mrs. Aurora Garcia, Secretary; Mr. Ernesto Arcangel, Adviser; Kgd. Eding Pabellare; Kgd. Clarita Cox; Mrs. Tessie Ribo, Director; and Mary Ann Salcedo, Director.

THE MISADVENTURES OF POL PALIKERO . . .



NGC PUBLIC MARKET SA COMMONWEALTH AVENUE PLANONG BUKSAN SA OKTUBRE

Pinaplanong buksan ang NGC Public Market na nasa Commonwealth Avenue sa buwan ng Oktubre-1999. Ito ang pahayag ni Bb. Anna Maria M. Gonzalez, Project Administrator ng National Government Center Housing Project (NGCHP).

- Lumapit ang grupo ng NGCHP sa Market Adm. Division upang humingi ng tulong dahil sa expertise nito. Iminungkahi ni G. Teodoro Rey na mas maganda kung magkakaroon ng isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod at ng NGC.

Ang ilan sa serbisyong hinihingi ng NGCHP ay ang training ng mga tauhan at mga manininda; pagpapatibay at pagsasaayos ng mga sistema at patakaran ng palengke; ang pagkolekta ng mga renta at ang tamang pagtapon ng basura. Ang lahat ng ito ay maari munang pansamantalang gawin ng Pamahalaang Lungsod para sa NGCHP hanggang sa maihanda na ang mga mamamahala.

BAGONG ESTILO NG PAGTITINDA GAGAWIN SA SAN JOSE

"Bawa't palengke ay dapat na magkaroon ng espesyal na proyekto," ito ang pahayag ni G. Rey sa kanyang mga tauhan sa Market Adm. Div. Hangad ng tagapangasiwa ng palengke na magpatuloy ang pag-unlad ng bawa't palengke.

Nagpahayag din si G. Rey na palakasin ang kooperatiba sa Roxas at San Jose, dahil siya din naman ang Executive Director ng Task Force SMILE na may hawak ng Cooperative Development Unit ng Q.C. *(sundan sa pahina 8)*

7 Practical Tips on Starting Your Own Business

Bored and tired of being an employee? Do you have some funds to spare? Want to test your ability to manage your own business? Do you want to take risks and earn more than you can imagine? Read on.



1. STUDY. This simply means find out if the business you plan to set up has a chance of flourishing. Is there a need for the product being offered? Having identified your prospective buyers, also know their preferences and attitudes toward the product. Next, know who your competitors are. You must be able to establish an edge over them in terms of product quality, customer services and product pricing.



2. LOCATION. Choose a location near populated areas. More people means more buyers. Also, your location must be suited to your type of business. You can't have a poultry farm in a mall. Lastly, make sure that you are easily accessible to prospective buyers.



3. SOURCE OF MATERIALS. Before you start your business be sure that you have identified the area from where you will get the materials to make your product. Canvas for the cheapest products with the best quality. There must be a steady supply of your materials. It would also be better if you can avail of special terms of payment. You need stable prices to be able to make safe projections for your company.



4. PERSONNEL. In all business ventures, there will always be a labor component. Be sure that there is some form of organization which clearly identifies the division of labor. Good organization leads to a systematic production process, which will help your company become more efficient thus cutting down on costs. Your instructions are better implemented when roles and responsibilities of your workers have been set down.



5. CAPITAL/FUNDS. You can't start a business without capital. You must identify the source of your capital. Make sure you secure long term funding. You also have the option to form a partnership or corporation to expand your capital base.



6. PERIODIC ASSESSMENT. Conduct daily (during your early stages), weekly and monthly assessments of your company's performance. Find out if your business is reaching its targets. This will help you identify shortcomings and problems and help you in making decisions.



7. REQUIREMENTS. Fulfill the necessary documents such as licenses and permits from City authorities. It will be much better if your business would be registered at the DTI and BIR and in the case of corporations, the SEC. It would also be advisable to secure a license to operate from parties from particular line agencies of the government such as Bureau of Food & Drug, Dept. of Agriculture, etc. With these requirements, transacting business such as building confidence with the customer or securing Loans will be easier. More importantly, you contribute in strengthening our economy.

(SOURCE: "Banking and Business," Vol. 2, No. 1, Landbank)

MAINTENANCE UNIT HININGAN NG BAGONG ISKEDYUL

Hiningan ni G. Rey ng bagong iskedyul ng trabaho ang Maintenance Unit ng Market Administration Division sa gitna ng dumadaming pangangailangan. Sinabi pa ni G. Rey na kailangang gumawa ng scoreboard kung ilan na ang na-deliver na mga gamit at kung saan ito napupunta. Ito ang pahayag ni G. Rey dahil din sa magdadatingang mga gamit/supplies na matagal nang hinihintay tulad ng mga pero para sa bubong ng ating mga palengke.

Inatasan din si Bob Fererr na tulungan ang grupo ni Quirino de Gana, pinuno ng maintenance unit, upang magdagdag ng tauhan.

☆ STAR AWARDS ☆

for the Month of July

1.	Oliver Lasco ☆	Murphy
2.	Rommel Martinez	Murphy
3.	Cecilio Torres	Murphy
4.	Felipe Selda ☆☆	Murphy
5.	Romeo Barbasina ☆☆	Murphy
6.	Bernardo Pineda ☆☆	Murphy
7.	Domingo Vallo	Murphy
8.	Soneto Roales	Murphy
9.	Ernesto Sotto	Murphy
10.	Christopher Bondoc	Murphy
11.	Arthur Basco	Murphy
12.	Alberto Supeña	Murphy
13.	Meynard delos Angeles	Murphy
14.	Benjamin De Gamo	Murphy
15.	Jon Jon dela Cruz	Murphy
16.	Elmer Ferran ☆	Frisco
17.	Rodolfo Racca	Frisco
18.	Roberto Domingo ☆☆	Frisco
19.	Marcellana Vergara ☆☆	Frisco
20.	Glorio Cuison ☆☆	Frisco
21.	Michael Sanchez ☆☆	Frisco
22.	Leonardo Mañalac	Frisco
23.	Raul Mangulabnan	Frisco
24.	Conrado Duran	Frisco
25.	Regino Gaudiel ☆☆	Roxas
26.	Modesto Salansang ☆☆	Roxas
27.	Julius Chua ☆☆	Roxas
28.	Anacleto Castillo	Roxas
29.	Rita Cortez ☆☆	San Jose
30.	Antonio Ignacio ☆☆	San Jose
31.	Nestor Galura ☆☆	San Jose
32.	Guillermo Olegario ☆☆	San Jose
33.	Rancel Egamino	San Jose
34.	Manuel Tan ☆	Proj. 4
35.	Wilfredo Mariñas ☆☆	Proj. 4
36.	Mario Garong	Proj. 4
37.	Jomar Deroca	Proj. 4
38.	Angel Bernardo ☆	Proj. 2
39.	Carmencita Gomez	Proj. 2
40.	Romulo Angel	Proj. 2
41.	George Serrano	Proj. 2
42.	Jose Chua	Kamuning
43.	Domingo Tolentino ☆☆	Kamuning
44.	Rogelio Bacaoco ☆	Galas
45.	Arsenio Ortega	Galas
46.	Francisco Maravilla	Galas

(continued on page 8)

MAG-INGAT SA KARNE NG BABOY, BAKA AT MANOK NA NAHAWAHAN NG "DIOXIN"

Humingi ng tulong si MMDA Chairman Jejomar Binay kay Mayor Ismael A. Mathay, Jr. na magsagawa ng pag-iinspeksyon at mga hakbanging pag-iingat upang maprotektahan ang mga mamimili mula sa posibleng nahawahang mga produktong karne. Ayon kay Chairman Binay, ang Department of Agriculture (DA) ay nagpalabas ng pagbabawal na mag-angkat (importasyon) ng produktong poltri, baka at baboy na nagmula pa sa Belhika (Belguim), ang Netherlands, Pransiya (France) at Alemanya (Germany) dahil sa suspetsang nahawahan ito ng "dioxin", isang chemical na nagdudulot ng kanser.

Agad namang pinulong ni G. Rey ang Local Price Coordinating Council (LPCC) upang maghanda ng mga hakbangin. Kasama sa LPCC ang National Meat Inspection Commission (NMIC), Bureau of Agriculture Extension (DA-BAEX), Department of Trade and Industry, Department of Interior and Local Governments (DILG) at ang iba't-ibang ahensiya ng Pamahalaang Lungsod. Ang Community Relations Office (CRO) at Market Administration Division ang mga opisinang inatasan ni Mayor Mathay na manguna dito, kasama ang City Veterinary Office ng City Health Department.

Napag-usapan na pag-ibayuhin ang pag-iinspeksiyon sa mga slaughterhouses.

PRECINCT NO. 2 ..... (From Page 4)

Hundred Peso marked money. The case is already filed in court with a recommended bail of P 60,000.00.

MGA PUNONG BARANGAY..... mula sa pahina 1)

Ang mga kapitan na nagsidalo ay sina: Virgilio V. Sega, Jr. (San Roque); Alejandro Zabala (Quirino 2-A); Roland B. Jarabelo (Milagrosa); Sergio Gonzalvo (Sto. Niño); Gualberto Casaje (Damayan); Exequiel S. Ligon (N.S. Amoranto); at Feliciano A. Espiritu (Kamuning).

MATHAY URGES SUPPORT FOR LINIS BAYAN PROJECT



By: Ritchie Rayos

Quezon City Mayor Ismael A. Mathay, Jr. urges all concerned government agencies located in Quezon City as well as its people to support the *"Linis Bayan"* project of His Excellency, Joseph Ejercito Estrada.

In his memorandum dated June 21, 1999 addressed to all department heads and chiefs of Offices, he introduced the *"Tapat Ko, Linis Ko"* campaign, with and in observance of the aforementioned program for health and cleanliness by the President.

But in view of the very limited source of the City to the full implementation and observance of the program, Mathay calls for the personal concern and physical contribution of the people in Quezon City to this worthy cause.

Part of this project is the strict implementation of waste segregation scheme of the city government in all areas of Quezon City particularly in all public markets.

PANUNTUNAN NG MMDA REGULATION BLG. 99-004
(WASTE SEGREGATION SCHEME)
Continuation from last month's issue

SINO ANG REPONSABLE?

1. For Individual Household (HH): Head of HH
2. Factories, firms, corporations, institutions: owner, president, manager or person responsible for its operation.
